GAWA AT ROMANO

Course #10

Leader's Guide

Mahal na Bible Study Lider,

Nagpapasalamat ako sa Diyos sa pamamagitan ni Jesu-Cristo sa inyong lahat dahil sa inyong pananampalataya at katapatan na dalhin ang iba sa Salita ng Diyos at dalhin ang Salita ng Diyos sa kanila. Ito ang nagpupuno sa akin ng labis na pasasalamat at pagsamba sa Diyos, dahil alam ko ang Diyos ay gagawa ng napakaganda at milagrong mga bagay. Kahit hindi ko pa kayo kakilala, nais kong malaman mo na ako ay nananalangin para sa iyo habang ikaw ay nag-aaral at pinangungunahan ang iba sa pag-aaral.

Sama-sama tayong mag-aaral ng kapanganakan ng Iglesia sa ating pag-aaral ng aklat ng Gawa at Taga Roma. Ang dalawang aklat na ito ay pundasyon sa ating pang-unawa sa iglesia, ang Katawan ni Cristo, at ang nakapagbabagong buhay na katotohanan ng pag-ibig ng Diyos, biyaya, awa, pagwawalang sala, kaligtasan, at pagpapakabanal. Tulad ng ating gawi sa pag-aaral, itutuon natin sa praktikal at debosyonal na pag-aaral sa dalawang aklat na ito. Gayun pa man, dalangin ko na ang pag-aaral na ito ay magagawang buksan ang dalawang aklat na ito sa iyo, udyukan kang mag-aral ng malalim, at lumakas ang iyong pananampalataya upang lalo mong maakay ang iba. Hinihikayat kitang basahin nang basahin at basahing muli ang mga aklat na ito.

Ang aklat na ito ng kasayasayan sa Bagong Tipan, ang aklat ng mga Gawa, ay masasabing “Ang mga Gawa ng mga Apostol” o “Mga Gawa ng Banal na Espiritu” o mas maigi, “Ang mga Gawa ng Nabuhay na Muling Cristo sa Loob at sa Pamamagitan ng Kanyang Iglesia.” Napakaraming dapat matutunan mula sa iglesia sa unang siglo. “Ang mga bagay na ito nga'y nangyari sa kanila na pinakahalimbawa; at pawang nangasulat sa pagpapaalala sa atin…” (1 Corinto 10:11) sa aklat ng mga Gawa, maraming mga halimbawa para sa atin at sa ating mga iglesia at makikita nating ang maraming mga babala.

Pagkatapos ay titingnan natin ang aklat ng Taga Roma, ang teolohikal na obra maestra ni apostol Pablo. Sa tulong ng Banal na Espiritu, pag-aaralan natin ang pinawalang sala (justification), ang pangunahing mensahe ng aklat na ito. Matututunan natin kung paano ang pinawalang sala ay naaangkop sa atin, sa mga Hudyo—ang piniling bayan ng Diyos—at sa buong mundo. At muli, sa pag-aaral natin sa mga aklat na ito ating itatanong at sasagutin ang mga susunod na mahahalagang katanungan:

- Ano ang sinasabi nito? (Pagmamasid)
- Ano ang ibig sabihin nito? (Pagbibigay kahulugan)
- Ano ang ibig sabihin nito sa akin? Sa mga inaakay? (Paggamit)

Sa ating pag-aaral dito, dalangin ko na pagpalain ka ng Diyos at gamiting kang pagpapala sa iba habang magkasama tayong hinahayaan ang Diyos na isulat ang “ika-29 kabanata” ng mga Gawa ni Cristo na Nabuhay Muli at patuloy Niyang isinusulat ang kasaysayan ng Kanyang Iglesia sa pamamagitan natin!

Dick Woodward
Pastor and author of the Mini-Bible College

PAMUMUNO SA GRUPO NG PAG-AARAL SA BIBLIA

Inihanda ng Mini Bible College ang debosyonal at praktikong pagmamasid sa pangunahing aklat ng Biblia. Ang iyong papel bilang guro ay akayin ang grupo sa mga sesyon ng pag-aaral at pagsasanay, upang tulungan silang maunawaan ang mga konsepto, madiskubre ang mga walang hanggang prinsipyo at pinaka-mahalaga sa lahat, maipamuhay nila ito. Ang pag-aaral na ito ay aabot ng apat na buwan at dinisenyo ito na hindi lamang isang kurso. Ang pag-aaral na ito ay bahagi ng stratehiyang plano upang mabigyan ka ng mga kagamitan upang palusugin at palaguin ang iyong iglesia sa espirituwal at sa bilang.

Upang matulungan ka binigyan ka namin ng mga magagamit mo:

- Ang Leader's Guide
- Ang Target Media Approach (TMA) manual
- Report Forms
- Audio of Genesis and Exodus
- A study booklet on Genesis and Exodus
- A Set of 10 workbooks

Ang Leader's Guide ay dinisenyo upang bigyan ka ng kakayahan na gawin ang trabaho.

PAGPAPANIMULA

Bago ang Klase

- "'Pumunta kayo sa mga lansangang matao at inyong anyayahan sa kasalan ang lahat ng makita ninyo.' Pumunta nga sa mga pangunahing lansangan ang mga lingkod at isinama nila ang lahat ng kanilang natagpuan, masasama't mababuti, at napuno ng mga panauhin ang bulwagang pangkasalan.'" (Mateo 22:9-10). Simulan ngayon na mag-imbita ng mga tao sa piging espiritual.
- Ihanda ang sarili sa panalangin para sa mga darating na tao. Kung posible, ipanalangin sila sa kanilang pangalan. Ang Diyos lamang ang makapagbabago ng kanilang puso at ang panalangin ay makapangyarihang gamit para dito. "Isinalaysay ni Jesus ang isang talinhaga upang ituro sa kanila na dapat silang laging manalangin at huwag mawalan ng pag-asa" (Lucas 18:1).
- Humingi ng tulong. Huwag mong sikaping gawin ang lahat. Hingin ang tulong ng isa o dalawa para sa musika, awit, pagbati, at taga-pagtala para sa klase.
- Suriin ang aralin at unawain ang layunin ng aralin.
- Alaming mabuti ang bawat aralin; pakinggan, basahin at pag-aralan ang bawat aralin at isaulo ang talata sa Biblia bago magsimula ang klase.
- Siguruhin ang mga aralin ay laging handa para sa klase.
- Siguruhing ang lugar na pagdarausan ay sapat sa bilang ng mga tao at komportable para sa grupo.

Habang sa Klase

- Batiin ang bawat dumarating. (Tandaan na mabuti ang laging masaya kang tinatanggap? Palawigin ang pagtanggap ng Diyos sa lahat.) Mahalaga na magkaroon ng isang taga-pagbati.

- Ipakilala ang iba sa bawa't isa kung hindi pa magkakakilala.
- Magsimula sa pagsamba at panalangin, hingin sa Diyos na tulungan ka at ang bawat isa na maunawaan at isapamuhay ang aralin.
- Makinig sa audio lesson.
- Gamitin ang workbook, mag-anyaya ng talakayan na may kaugnayan sa pamumuhay. Naniniwala kami na ang mga katanungan ay maglalagay ng masiglang talakayan at unawa na magdudulot nang tamang pamumuhay. Kung masyadong malaki ang grupo hatiin sa maliliit na grupo. Tig-tatlo o tig-lima sa bawat grupo upang makahikayat ng talakayan. Siguruhing nababantayan mo ang oras at ingatan na ang pag-uusap ay hindi lumalayo sa aralin at pag-aaral ng Salita ng Diyos.
- Pasalamatan ang lahat sa kanilang pagdating at hikayating maging tapat sa pagdalo.
- Himukin ang bawat estudyante na mag-imbita ng iba na sumali sa pag-aaral ng Biblia.
- Hikayatin ang mga estudyante na isaulo ang mga talata sa mga aralin sa bawat linggo.

Pagkatapos ng Klase

- Lipulin ang mga materyales sap ag-aaral.
- Ibalik ang silid sa dating kaayusan. Mas maayos pa kaysa bago pa kayo nagsimula.
- Itala sa talaan ang report.
- Kung nagpulong kayo sa ibang bahay, siguruhing mapasalamatan ang may bahay sa kanilang pag-tanggap sa inyo.

Espesyal na tagubilin sa Pagtuturo sa mga Natututo sa Pandinig lamang

Napakahalaga na alalahanin na ang mga hindi makabasa at makapagsulat ay natututo at napapanatili nila ang mga impormasyon kakaiba sa mga marurunong. Ang mga nag-aaral sa pamamagitan ng pakikinig ay natututo sa pamamagitan ng pakikinig at pagsasalita ng kanilang narinig. Ang di-marunong magbasa at magsulat ay hindi hadlang sa panahon ni Jesus. Makakatulong na alalahanin at sabihin sa klase halos ng mga disipulos at karamihan ng mga taong nagpapalaganap ng Ebanghelyo ay di-marunong magbasa at magsulat.

Sa maraming kapamaraanan, ang mga nag-aaral na gumagamit ng pandinig ay may kakayahan na matuto sa kanilang narinig higit doon sa mga nagsusulat upang maalala ang pinag-aralan. Kaya nga dapat hayaan ang mga estudyante na marinig ang Banal na Kasulatan at ang aralin, itigil ang mensahe at balikan ang bahagi na hindi pa naintindihan, at pagkatapos hayaan silang tumugon sa mga katanungan. Kapag ang mga nag-aaral na gumagamit lang ng kanilang pandinig ay "kayang balikan ang kuwento" – gamit ang sariling salita upang sabihin ang kanilang narinig at natutunan – ay nagsasabi na kanilang nakuha ng mabuti ang prinsipyo. Samakatuwid, gamitin ang mga katanungan sa aralin upang gabayin sila sa mas-malalim na pang-unawa sa Salita ng Diyos at tumibay ang relasyon sa Kanyang Anak, Jesus na siyang Cristo.

Mga Gawa ni Cristo na Muling Nabuhay

Kabanata 1
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 31

Layunin: Upang ipakilala ang aklat ng Mga Gawa at ang pangakong Banal na Espiritu.

"At lumapit si Jesus sa kanila at sila'y kaniyang kinausap, na sinasabi, Ang lahat ng kapamahalaan sa langit at sa ibabaw ng lupa ay naibigay na sa akin. Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo: Na ituro ninyo sa kanila na kanilang ganapin ang lahat ng mga bagay na iniutos ko sa inyo: at narito, ako'y sumasa inyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanglibutan."

—Matthew 28:18-20

"Datapuwa't tatanggapin ninyo ang kapangyarihan, pagdating sa inyo ng Espiritu Santo: at kayo'y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, at sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa kahulihulihang hangganan ng lupa."

—Mga Gawa 1:8

Ang aklat ng Mga Gawa ay ang aklat ng kasaysayan sa iglesia ng Bagong Tipan. Ito ang nagdudugtong mula sa apat na Ebanghelyo patungo sa mga liham ni Pablo at ito ay nagbibigay ng mayayamang kuwento sa likod ng ibang kasulatan sa Bagong Tipan. Nagsisimula ang aklat na ito kung saan nagtapos ang apat na Ebanghelyo: ang Dakilang Komisyon (Great Commission) ni Jesus. Sa Dakilang Komisyon, sinabi ni Jesus sa mga alagad na "gumawa ng mga alagad," at upang magawa iyon, kinakailangang humayo sila, mangaral, magbautismo, at magturo. Sa aklat ng Mga Gawa, ito mismo ang ating makikita na ginagawa ng mga alagad. Ito ang kuwento ng Dakilang Komisyon na nagsisimulang maganap.

Inilalarawan ng kabanatang 2 ang pagdating ng Banal na Espiritu sa Araw ng Pentecostes. Ito ang pinakamahalagang pangyayari sa kasaysayan ng mga tao ng Diyos sapagkat hindi maaaring ganapin ng iglesia ang kanyang layunin kung wala ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Ito rin ay totoo sa bawat isa sa atin. Kapag tinangka nating gumawa ng mga alagad para kay Jesu-Cristo, tayo ay gumagawa ng imposible kung wala ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu.

Ang Mga Gawa ay kasaysayan ng mga pangkaraniwang tao na gumagawa ng di pangkaraniwang bagay dahil sila ay napihiran at puspos ng Banal na Espiritu ng Diyos. Ang Diyos na iyon, ang kapangyarihan na iyon, ay nasa atin ngayon upang gawin ang Kanyang gawain.

1. Tama o Mali? Ang sumulat ng aklat ng Mga Gawa ay si Lucas, isang doktor, at isinulat din niya ang ikatlong Ebanghelyo.

2. Tama o Mali? Ang aklat ng Mga Gawa ay nagsimula kung saan natapos ang mga Ebanghelyo, makikita rito ang Dakilang Komisyon ni Jesu-Cristo.

3. Tama o Mali? Dahil ang aklat ng Mga Gawa ay aklat ng kasaysayan, hindi ito mahalagang pag-aralan ngayon.

4. Tama o Mali? Ang mga kuwento sa aklat ng Mga Gawa ay natapos ng maayos, ipinapakita na ang mga gawain ng unang iglesia ay tapos na at ang kapanahunan iglesia ay natapos na rin.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Ano ang ibang mga titulo na iminungkahi ng mga tao sa aklat ng Mga Gawa?
    a. Ang Mga Gawa ng mga Alagad
    b. Ang Mga Gawa ng Banal na Espiritu
    c. Ang Mga Gawa ng Panginoong Nabuhay na Muli
    d. Lahat ng nasa itaas.

6. Ano ang layunin ng Diyos sa kasaysayan sa mga aklat tulad ng sa Mga Gawa?
    a. Para lang bigyan tayo ng mga halimbawa na masusundan
    b. Para lang bigyan tayo ng mga babala na dapat mag-ingat
    c. Para bigyan tayo nang mga halimbawa at mga babala
    d. Para lang bigyan tayo ng kawili-wiling mga kuwento

7. Ayon sa aklat ng Mga Gawa, ano ang layunin ng iglesia?
    a. Humayo at ibahagi sa ibang mga tao ang tungkol sa ebanghelyo
    b. Gumawa ng mga alagad mula sa mga naniwala sa ebanghelyo
    c. Bautismuhan sila pagkatapos maniwala sa ebanghelyo
    d. Turuan sila na sumunod sa lahat ng inutos ni Jesu-Cristo
    e. Lahat ng nasa itaas

8. Ano ang pangakong ibinigay sa mga alagad na hihintayin nila sa Jerusalem?
    a. Ang pagbabalik ni Jesus
    b. Ang pagdating ng Banal na Espiritu na may kapangyarihan
    c. Ang kaganapan ng Dakilang Komisyon
    d. Ang pagtatapos ng kanilang pag-aaral

9. Bakit hindi tinapos ni Lucas ang kuwento sa aklat ng Mga Gawa?
    a. Naubusan siya ng papel.
    b. Itinutuloy pa rin ng Iglesia ang pagsusulat sa kanyang kasaysayan hanggang ngayon.
    c. Namatay siya bago niya natapos ang pagsusulat.
    d. Isinulat niya ang katapusan, ngunit isang bahagi ng aklat ay nawala sa paglipas ng panahon.

10. Ilan ang nagdesisyon na sumunod kay Jesus bilang kanilang Panginoon dahil sa unang mensahe ni Pedro?
    a. Mga 3,000
    b. Lahat ng naroon
    c. Wala kahit isa dahil lahat ay takot
    d. Hindi sinabi sa atin ni Lucas

11. Ano ang kabuluhan ng Fiesta ng Pentecostes?
    a. Ito ay Pagdiriwang sa pag-aani.
    b. Ito ay pag-alaala sa mga Hudyong martir
    c. Ito ay pagdiriwang sa Exodo, pagpapalaya ng Diyos sa mga Hudyo mula sa Ehipto.
    d. Ito ay simpleng araw para sa mga Hudyo upang magpahinga mula sa pagtatrabaho.

12. Bakit ito naaangkop at makasimbolo na panahon para sa Banal na Espiritu na dumating?
    a. Ito ay kumakatawan sa katotohanan na hindi na natin dapat gawin ang gawain; ang Dakilang Komisyon ay nasa kamay lahat ng Diyos.
    b. Ang presensiya ng Banala na Espiritu ay maging sikreto dahil marami sa mga Hudyo nagsialisan dahil sa araw ng pahinga.
    c. Ito ay kumakatawan sa kapangyarihan ng Espiritu na gumagawa sa atin upang umani ng mga kaluluwa at ganapin ang Dakilang Komisyon.
    d. Ito ay kumakatawan sa huling gawain ng Diyos para sa sangkatauhan.

13. Ano ang ibig sabihin ng palatandaan ng milagro ng Pentecostes?
    a. Ito ay parisan na dapat natin gayahin muli't-muli.
    b. Ito ay nagpapamalas ng kapangyarihan na ang mga apostol lang ang makagagawa.
    c. Itinuturo sa atin na mararanasan lamang natin ang Diyos sa maramdaming karanasan.
    d. Ito ay mga propesiya sa mga nakarinig, at katuparan ng propesiya sa Lumang Tipan.

Sa paanong paraan matutulungan ka ng Banal na Espiritu na makilala ang Diyos at matupad ang Kanyang layunin? Hiningi mo na ba sa Diyos ang kaloob ng kapangyarihan ng Kanyang Espiritu? Kung hindi pa, nais mo bang hingin sa Kanya na bigyan ka ng kapangyarihan upang magawa mo ang Kanyang layunin ngayon?

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos na dumating Siya sa Kanyang mga tao na may kapangyarihan at patuloy siyang gumagawa sa pamamagitan ng iglesia ngayon. Hingin sa Kanya na patuloy kang bigyan ng kapangyarihan sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu, at hingin sa Kanya na bigyan ka ng pagkakataon upang makatulong sa pagganap ng Dakilang Komisyon itong darating na linggo.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Ano ang sinabi ni Jesus sa Kanyang mga tagasunod na hihintayin nila bago isagawa ang Kanyang Dakilang Komisyon?

2. Ano ang kabuluhan ng katotohanan na ang aklat ng Mga Gawa ay nagsimula sa Dakilang Komisyon at ang apat na Ebanghelyo ay nagtapos sa parehong Komisyon?

3. Paano nalaman ng mga apostol na dapat nilang turuan ang mga nagsabing mga alagad ni Jesus?

4. Kapag nagpasya ka na sundin ang Dakilang Komisyon, ano ang apat na utos ni Jesus na dapat mong tuparin? *(Isaalang-alang ang Mateo 28:18-20)*

5. Gaano katagal turuan ang bagong alagad ng lahat ng iniutos ni Jesus sa mga apostol na dapat nilang pansinin noong sila ay sumusunod sa Kanya sa loob ng tatlong araw?

6. Sa pangkalahatan, sinusunod ba ng Iglesia ni Jesu-Cristo ang apat na utos na ito ni Jesus ngayon?

7. Sa iyong sarili, iyo na bang tiningnan ng seryoso ang Dakilang Komisyon ni Jesus at ito ay iyong sinunod? Sang-ayon ka ba sa pahayag ng dakilang misyonero na nagsabi ng: “Ang Dakilang Komisyon ay Charter ng Iglesia at tulad ng ibang organisasyon kailangan ng Iglesia na tuparin ang mga nasasaad dito sa Charter at kung hindi ito ay dapat itigil at huwag ng ipagpatuloy.”

Ang Nakikitang Bakas ng Daliri
Ng Isang Di-nakikitang Iglesia

Kabanata 2
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 32

Layunin: Upang maunawaan kung paano ang di-nakikitang iglesia ay nahahayag sa lokal na nakikitang iglesia.

Nanatili sila sa itinuro ng mga apostol, sa pagsasama-sama bilang magkakapatid, sa pagpipira-piraso ng tinapay, at sa pananalangin.

—Mga GAwa 2:42

Ang pangalawang kabanata ng Mga Gawa ay nagsisimula sa paglalarawan ng Araw ng Pentecostes, ito ang kapanganakan ng iglesia. Sa araw na iyon, sinimulan ng muling nabuhay na Cristo itayo ang iglesia sa layuning ikalat ang ebanghelyo na kasama Siya at para sa Kanya sa buong mundo. Sa tuwing dumarating ang Banal na Espiritu sa mga tao sa aklat ng Mga Gawa, lagi itong may kaugnayan sa layunin na ibinigay sa iglesia sa Dakilang Komisyon: para sa kanila, sila ay maging mga saksi kay Jesus "sa Jerusalem, sa buong Judea at Samaria, hanggang sa dulo ng daigidig" (Mga Gawa 1:8).

Habang pinag-aaralan mo ang aklat ng Mga Gawa, pansinin ang huwaran na makikita sa unang henerasyon ng iglesia. Ito ang mga "nakikitang bakas ng daliri ng di-nakikitang iglesia." Ang samahan ng mananampalataya kung saan bawat isa sa atin ay kasama sa isang komunidad ay ang lokal, nakikitang kapahayagan ng di-nakikitang, pangkalahatang Iglesia ng nabuhay muling Cristo ay lumalago sa daigdig. Tulad ng bakas ng ating daliri, ito ay nakikita kung saan tayo galing at ano ang ating hinawakan, ang iglesia ay makikilala sa pamamagitan ng "bakas ng kanyang daliri." Sa Mga Gawa, ang iglesia ay kilala sa iba't-ibang bakas ng daliri—mga ebidensiya na ang Espiritu ng Diyos ay kumikilos. Kasama rito ang pag-eebanghelyo, pagtuturo, pagsasama-sama, pagsamba, panalangin, pagkakaisa, pagkakaiba-iba, mayorya ng mga lider, pagmamahal, at pagkaka-pantay-pantay. Ito rin ang sukatan ng iglesia ngayon. Kapag nakikita natin ang mga katangian na ito sa ating mga iglesia, masusukat natin ang antas ng ating iglesia sa nakikitang kapahayagan ng pangkalahatang iglesia na itinatayo ni Jesus.

1. Tama o Mali? Lahat ng Kristiyano ay pare-pareho ang espirituwal na kaloob.

2. Tama o Mali? Ang bawat naipanganak na muli ay miyembro ng di-nakikitang iglesia, ang pang-kalahatang iglesia.

3. Tama o Mali? Ang iglesia ay tunay na iglesia kapag ito ay nag-aabot at nag-eebanghelyo.

4. Tama o Mali? Kapag ang Banal na Espiritu ay nasa loob ng isang tao, ang taong iyon ay hindi na kailangan pang turuan.

5. Tama o Mali? Imposibleng magkaroon ng pagkakaiba-iba at pagkakaisa sa parehong iisang grupo.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

6. Bakit pumili ng mga tao ang mga apostol upang gawin ang mga praktikal na pangangailangan ng iglesia.?
    a. Masyado silang mahalaga upang gawin ang karaniwang gawain.
    b. Wala silang malasakit sa pangangailangang pisikal ng mga tao.
    c. Kailangan nilang mag-ukol nang panahon sa Salita ng Diyos at sa panalangin.
    d. Kailangan nilang ihiwalay ang kanilang sarili mula sa mga tao upang manatili silang wagas.

7. Alin sa mga sumusunod ang mga “bakas ng daliri” ng di-nakikitang iglesia sa mga kapahayagan na nakikita? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Mala dramang milagro
    b. Pagsasama
    c. Panalangin
    d. Kayamanan
    e. Awa o pagmamahal
    f. Isang malaking gusali ng iglesia
    g. Pagsamba
    h. Binabayarang mga ministro
    i. Pagkakaisa
    j. Pagkakaiba
    k. Pag-eebanghelyo

l. Mahabang paglalakbay
m. Malubhang pagtanggi sa sarili
n. Mayorya o pagkamarami
o. Pagkaka-pantay pantay
p. Pagpapahintulot sa lahat ay papunta sa Diyos
q. Kahirapan
r. Pagtuturo

8. Bakit ang pag-eebanghelyo ay napakahalagang ministeryo ng iglesia?
    a. Pag-aakay ng tao kay Cristo ay isang bahagi ng Dakilang Komisyon.
    b. Ang iglesia ay kailangang lumago upang magkaroon ng impluwensiya sa lipunan.
    c. Ang iglesia ay kailangang lumago upang tumanggap ng maraming donasyon.
    d. Napakahalaga para sa mga Kristiyano na dumami higit sa mga taong iba ang relihiyon.

9. Ano ang dapat gawin ng iglesia sa mga tumanggap ng ebanghelyo at sumama sa kongregasyon?
    a. Wala—lahat ng kailangan nila ay naibigay na.
    b. Turuan sila at tulungan lumago bilang mga alagad.
    c. Pilitin silang magbigay ng lahat ng kita nila sa iglesia.
    d. Subukan sila nang hindi bababa sa isang taon bago tanggapin sa iglesia upang malaman kung totoo nga ang kanilang paniniwala.

10. Alin sa mga sumusunod ang totoo sa mga naunang mananampalataya sa Mga Gawa?
    a. Lahat sila"y nagsalita ng parehong lenguahe at magkakamukha sila.
    b. Lahat sila'y galing sa Jerusalem.
    c. Lahat ay naniwala sa parehong mga bagay.
    d. Sila ay magkakaiba ngunit nagkakaisa sa pananampalataya kay Jesus.

11. Sino ang may responsibilidad sa ministeryo sa iglesia?
    a. Tanging ang pastor lamang
    b. Ang mga binabayaran lamang upang gawin ang gawain
    c. Bawat isa—maraming mga pastor at matatanda at mga karaniwang miyembro din naman
    d. Ang mga napatunayan lamang na may kaalamang mabuti sa mga kasulatan.

12. Ano ang kaugnayan ng mga miyembro sa iglesia?
    a. Tayong lahat ay miyembro ng iisang katawan.
    b. Tayong lahat ay kailangang tumira sa iisang pamayanan.
    c. Tayong lahat ay kailangang maglingkod sa pastor.
    d. Tayo ay may ugnayan lamang sapagkat pareho ang ating paniniwala at wala ng iba pa.

Anong “bakas ng daliri” ang madalas mong makita sa mga Kristiyano na kilala mo? Alin ang pinakamahirap ganapin kung wala ang kapangyarihan ng Espiritu? Paano tayo natutulungan ng Banal na Espiritu na ganapin ang Dakilang Komisyon at makapaglingkod sa iba gamit ang ating espirituwal na kaloob? Sa paanong paraan mo mapaglilingkuran ang Diyos sa iyong lokal na iglesia?

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos sa nakikitang kapahayagan ng katawan ni Cristo—ang iglesia. Pasalamatan Siya dahil pinili Niya na dumating para sa mga tao na magmamahal at maglilingkod sa Kanya. Hingin sa Kanya na bigyan ka ng pagkakataon na magministeryo sa Kanya at sa iba sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kanyang Espiritu. Hingin sa Kanya na tulungan kang maibahagi mo ang mabuting balita ni Jesus sa iba.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Iugnay ang kahalagahan ng maliit na grupo bilang konteksto kung saan magagamit ang karamihan sa mga bakas ng daliri na nabanggit dito sa komentaryo ng Aklat ng mga Gawa—lalo na ang pagsasama.

2. Bakit kailangan nating panatiliin ang pagkakaiba habang inaabot natin at nararanasan ang pagkakaisa?

3. Bakit kailangan ipagpunyagi ang pagkakaiba ng bawat isa sa Iglesia imbis na ayusin ito?

4. Dahil sa ang salitang pastor sa Griego ay laging pang-maramihan kapag binasa natin sa Iglesia sa Bagong Tipan, ano ang kailangan upang paramihin ang mga pastor sa ating mga iglesia ngayon?

5. Kapag inisip natin ang bakas ng daliri sa hinlalato na nagmamahal sa kaliwang kamay ng Iglesia, paano natin ito maiiugnay sa bakas ng daliri sa hinlalato sa pagsamba sa kanan kamay ng Maka-bibliang Iglesia?

6. Nagbigay ng Bagong Kautusan si Jesus sa pagtatapos ng Kanyang tatlong taon kasama ang mga apostol (Juan 13:34-35). Paano mo maiuugnay ang pahayag na ito sa kautusan na ito: “Ang pinaka-mabuting paraan para maabot ang nasa labas ay abutin ang nasa loob?”

7. Ayon kay Pedro sa kanyang sermon sa Araw ng Pentecostes, sino ang responsable sa lahat ng palatandaan at kababalaghan at libo-libong mga nagbago ang loob dahil sa kanyang sermon?

Ang Nakikitang Palatandaan
Ng Isang Di-nakikitang Iglesia

Kabanata 3
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 33

Layunin: Upang maunawaan ang disenyo ng naunang iglesia sa kanyang hinarap na maraming pagkakataon at hinarap na maraming paghamon.

"Pagkatapos nilang manalangin, nayanig ang kanilang pinagtitipunan. Silang lahat ay napuspos ng Espiritu Santo at buong tapang na nangaral ng salita ng Diyos. Nagkakaisa ang damdamin at isipan ng lahat ng mananampalataya, at di itinuturing ninuman na sarili niya ang kanyang mga ari-arian, kundi para sa lahat. Taglay ang dakilang kapangyarihan, ang mga apostol ay patuloy na nagpapatotoo tungkol sa muling pagkabuhay ng Panginoong Jesus. At ibinuhos ng Diyos ang kanyang pagpapala sa kanilang lahat."

—Mga Gawa 4:31-33

Sa Mga Gawa makikita natin ang pagbubukas ng kasaysayan ng iglesia sa unang siglo na kasama ang kanyang layunin, pangako, kapangyarihan, pagganap, at pangangaral. Humarap sa pag-uusig ang iglesia mula sa labas, at paglilinlang at tukso mula sa loob. Habang kumikilos ang Espiritu ng Diyos sa kanila, makikita natin ang mga halimbawang dapat tularan at mga problemang dapat iwasan sa ating mga iglesia ngayon.

Iilan sa mga parisan ng iglesia kasama dito ang di-makasarili pagbibigay, pagsuway ng sibil kapag ang makataong kapangyarihan ay sumasalungat sa alituntunin ng Diyos, disiplina sa iglesia laban sa karumihan, paggamit sa espirituwal na kaloob, pagka-martir, pagtanggi na gamitin ang Espiritu para sa makasariling pakinabang, at pagpapagaling. Ginamit ng Diyos lahat ng ito upang turuan ang Kanyang mga tao at ilaganap ang Kanyang layunin para sa katuparan ng Dakilang Komisyon. Patuloy Niyang ginagawa ito sa pamamagitan ng mga tao at iglesia na pinababayaan ang Espiritu na kumilos ng malaya sa kanila.

1. Tama o Mali? Itinuturo ng Biblia na ang mga Kristiyano ay dapat walang pag-aari.

2. Tama o Mali? Hinihimok ng Diyos ang mga tao na laging sumuway sa gobyerno.

3. Tama o Mali? Si Pedro at Juan ay sumuway lamang sa may kapangyarihna nang ang mga may kapangyarihan ay sumalungat sa kalooban ng Diyos.

4. Tama o Mali? Walang pagkakaiba ang pang-pastor at praktikal na espirituwal na mga kaloob.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Bakit ang mga mananampalataya sa Mga Gawa ay mapagbigay?
    a. Napuno sila ng Espiritu ng pagnanais na magbigay at magtulungan sa isa't-isa.
    b. Nais nilang maging karapat-dapat sa biyaya ng Diyos.
    c. Labis silang mayaman.
    d. Ang pagbibigay ay kinakailangan gawin ng pagiging miyembro sa iglesia.

6. Bakit dinisiplina ng Diyos si Ananias at Safira?
    a. Nagsinungaling sila sa Diyos at sa mga apostol.
    b. Tinangka nilang dayain ang mga apostol at ang iglesia.
    c. Sila ay mga sakim.
    d. Lahat ng nasa itaas.

7. Ano ang ibig sabihin ng pagiging "banal?"
    a. Hindi ka na magkakasala.
    b. Hindi ka na makikihalo sa mga pangkaraniwang mga tao.
    c. Ikaw ay ibinukod para sa Diyos.
    d. Ikaw ay kahima-himalang naliwanagan.

8. Alin sa mga sumusunod ang mga kaloob na espirituwal para sa mga pastor? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Pagpapayo
    b. Pagtuturo
    c. Pangangasiwa
    d. Nagsisilbi ng pagkain

9. Ano ang mga pangkaraniwang responsibilidad ng pastor?
    a. Pangasiwain ang gastusin ng iglesia
    b. Pag-aayos ng pangangasiwa sa iglesia
    c. Paglilinis sa lugar ng pagpupulong
    d. Pagbibigay ng panahon sa salita ng Diyos at panalangin

10. Ano ang nagagawa nang pag-uusig sa iglesia?
    a. Nabibingit sa panganib ang iglesia.
    b. Napupungusan ang iglesia at nakakatulong sa paglago.
    c. Nagiging dahilan upang huwag maniwala ang iglesia sa Diyos.
    d. Wala itong epekto.

11. Bakit sinaway ni Pedro si Simon na mang-gagaway?
    a. Nakaramdam ng panganib si Pedro dahil sa lubos na makapangyarihan si Simon.
    b. Tinangkang sumpain ni Simon si Pedro
    c. Inisip ni Simon na maaari niyang bilhin ang kapangyarihan ng Espiritu at gamitin ito upang kumita ng pera.
    d. Lantarang sinalungat ni Simon ang Diyos.

12. Ano ang pagkakaiba ng pagpapagaling sa Mga Gawa doon sa ministeryo ni Jesus sa mga ebanghelyo?
    a. Kung gaano karami ang pagpapagaling ni Jesus, gayun di naman ang Kanyang mga tagasunod sa aklat ng Mga Gawa.
    b. Maraming pinagaling si Jesus, ngunit ang Kanyang mga tagasunod ay walang gaanong kaloob.
    c. Hindi marami ang pinagaling ni Jesus, ngunit binigyan ng Banal na Espiritu nang kapangyarihan ang Kanyang mga tagasunod upang gawin ang mga ito.
    d. Walang pinagaling si Jesus ni ang Kanyang mga tagasunod.

13. Noong pinagaling ni Pedro at Juan ang lumpo sa templo, ano ang nagawa ng milagrong ito sa kanila?
    a. Naging tanyag sila.
    b. Nagsimula ang malaking pag-uusig sa iglesia.
    c. Nagdala ito ng malaking pagkakataon sa kanila upang ipangaral ang ebanghelyo.
    d. Wala sinoman ang nakapansin sa milagro.

14. Alin sa mga sumusunod ang parisan ng iglesia sa Mga Gawa?
    a. Pagbibigay

b. Pagtatayo ng hiwalay na mga komunidad
c. Pagpapagaling
d. Kaloob ng Espirituwal
e. Maling pag-uugali sa kasalanan
f. Pasuway sibil sa gobyerno
g. Paggamit sa Banal na Espiritu na makasarili
h. Tumangging makinabang mula sa kapangyarihan ng Espiritu
i. Disiplina sa iglesia
j. Pagkamartir
k. Panganib sa ibang mga tao

Alin sa Bagong Tipan ang mga parisan ng iglesia na nakikita mo ngayon sa ating mga iglesia? Paano mo nakikita ang mga parisan na ito na nagagamit sa kaluwalhatian ng Diyos? Sa paanong paraan ang mga parisan na ito ay nagbibigay hamon o lakas loob sa iyo upang makilala mo Siya ng mabuti?

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos sa makapangyarihang paggawa Niya sa Kanyang mga tao upang matupad ang Kanyang layunin dito sa mundo. Hingin sa Kanya na gamitin ka nang may kapangyarihan sa Kanyang mga plano, turuan ka ng Kanyang mga pamamaraan, na bigyan ka ng mga pagkakataon na magamit mo ang mga kaloob mong espirituwal, at tulungan ka na mabuhay ng lubos para sa Kanya.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Ano ang kaugnayan ng katotohanang ito sa kabanalan: kaagad pagkatapos ng Pentecostes itinuring ng mga mananampalataya na ang kanilang pagaari ay pagaari ng lahat?

2. Ano ang pagkakaiba ng pang-pastor na kaloob espirituwal sa praktikal na kaloob espirituwal na parisan?

3. Ano ang tungkuling iniatas sa mga naunang mga diyakono na itinalaga ng mga apostol, na lubos na pinagpala sa kapangyarihan at pagiging epektibo ng iglesia? Dapat ba nating gamitin ang parehong prinsipyo sa ating mga iglesia ngayon?

4. Iugnay ang pag-uusig na nagdala sa iglesia upang sila ay kumalat sa iba't-ibang lugar para tuparin ang Dakilang Komisyon, kung saan ang aklat ay nagsimula.

5. Kailan lamang ang masunuring tagasunod ni Jesus dapat sumuway na kapangyarihang sibil sa gobyerno?

6. Hanggang anong antas dapat iangkop ang disiplina sa iglesia ngayon base sa itinurong prinsipyo sa kaso ni Ananisa at Safira?

7. Paano mo aalamin ang iyong mga espirituwal na kaloob at magamit ang mga ito sa loob ng iglesia kung saan ikaw ay kabahagi?

Mga Huwaran ng Pentecostes

Kabanata 4
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 34

Layunin: Upang maunawaan ang mensahe ni Esteban at ipakilala ang ministeryo ni Saulo, kilala rin sa pangalang Pablo.

"Ngunit si Esteban, na puspos ng Espiritu Santo, ay tumingala sa langit, at nakita niya ang kaluwalhatian ng Diyos at si Jesus na nakatayo sa kanan ng Diyos. Kaya't sinabi niya, "Nakikita kong bukás ang kalangitan, at ang Anak ng Tao na nakatayo sa kanan ng Diyos."

—Mga Gawa 7:55-56

Pagkatapos italaga ang mga naunang diyakono sa kabanatang anim, mababasa natin ang pag-aaresto kay Esteban, ang kanyang kamangha-manghang sermon sa mga lider ng Hudyo sa Jerusalem, at ang kanyang kamatayan. Pagkatapos niyang ibuod ang Lumang Tipan at akusahan ang mga lider ng relihiyon sa pagtanggi nila kay Moses, ang mga propeta, at ngayon si Jesus, siya ay binato hanggang mamatay.

Dalawang mahahalagang bagay ang nangyari pagkatpos mamatay ni Esteban. Ginamit ng Diyos ang kamatayan ni Esteban upang magising sa katotohanan si Saulo, isang Pariseo na magiging dakilang misyonaryo, apostol, at tagapag-turo ng mga Kristiyano; at ginamit ng Diyos ang pag-uusig ng mga Kristiyano upang ikalat sila at dalhin ang ebanghelyo sa mga lugar labas sa Jerusalem.

Ang aklat ng Mga Gawa ay totoong "tuloy-tuloy na Pentecostes" na nag-resulta ng pagtupad ng Dakilang Komisyon sa pagiging masunurin ng naunang iglesia. Ang ebanghelyo ay patuloy na naikalat sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu habang ang mga Kristiyano ay nangagkalat, naturuan, at sumunod sa Kanyang pangunguna.

1. Tama o Mali? Ang aklat ng Mga Gawa ay “tuloy-tuloy na Pentecostes.”

2. Tama o Mali? Halos lahat ng bagay sa aklat ng Mga Gawa ay may kaugnayan sa Dakilang Komisyon.

3. Tama o Mali? Si Esteban ay masyadong praktikal at halos walang kaloob sa pagpapastor.

4. Tama o Mali? Ang kapangyarihan ng Espiritu ay na kay Esteban noong siya ay nangaral.

   Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Ano ang pangunahing kapangyarihan sa likod ng pangangaral?
   a. Ang mahabang taon nang pag-aaral bilang mangangaral
   b. Ang kagalingan bilang mangangaral
   c. Ang kaloob ng Banal na Espiritu
   d. Ang laki at interes ng mga taga-pakinig

6. Ano ang sinabi ni Esteban sa kanyang sermon? *(Piliin lahat ng akma)*
   a. Ang buong kuwento ng Lumang Tipan
   b. Ang halaga ng pagsunod sa mga kautusan sa Lumang Tipan
   c. Paano magtatapos ang mundo at muling pagdating ni Jesus
   d. Ang katotohanan na si Jesus ay Mesiyas na tinanggihan ng mga lider sa relihiyon

7. Ano ang tugon ng mga lider sa relihiyon sa mensahe ni Esteban?

a. Nagalit silang lubha at binato siya hanggang mamatay.
b. Tinawanan siya at nilayasan.
c. Inilagay siya sa kulungan.
d. Sumang-ayon sila sa kanya at nagsisi sa kanilang kasalanan.

8. Ano ang ginagawa ni Saulo noong ipinakilala siya ng aklat ng Mga Gawa?
    a. Pinagtanggol si Esteban
    b. Sinangayunan ang mga bumato kay Esteban at dinala ang kanilang mga balabal
    c. Nakinig sa pagtuturo ng mga apostol
    d. Nakaupo sa preso ng mga Romano dahil sa pangangaral ng ebanghelyo

9. Ano ang ginawa ni Saulo pagkatapos mapatay si Esteban?
    a. Nagsisi siya sa kanyang mga kasalanan at nagpabautismo.
    b. Nakipagsalo-salo siya sa mga apostol at pinag-usapan ang paniniwalang Kristiyano.
    c. Sinisi ang lahat ng kanyang kaibigan sa pagtrato ng masama kay Esteban.
    d. Masigasig niyang inusig ang mga Kristiyano.

10. Ano ang ginawa ni Saulo (o Pablo) pagkatapos niyang makilala si Cristo?
    a. Kaagad siyang pumunta sa mga apostol upang ipaliwanag ang nangyari.
    b. Nagtago siya sa takot sa mga lider ng Hudyo.
    c. Nagpunta siya sa Arabia at gumugol ng panahon kay Jesus.
    d. Nagpunta siya sa isang paglalakbay para sa misyon upang ipangaral ang mabuting balita at magsimula ng mga iglesia.

11. Gaano katagal gumugol ng panahon si Pablo upang maghanda sa kanyang ministeryo?
    a. Tatlong taon
    b. Apat na taon
    c. Labing-aapat na taon
    d. Lahat ng nasa itaas ay posible. Ang mga iskolar ay hindi magkasundo, ngunit hindi bababa sa tatlong taon.

Ibinigay ni Esteban ang kanyang buhay sa pangangaral ng katotohanan. Ano ang isusuko mo para sumunod sa Diyos? Anong mga sakripisyo ang nais ng Diyos na maaari mong isuko para makapaglingkod sa Kanya?

_____

_____

_____

Kung iisipin imposibleng magkaroon ng paniniwala si Pablo kay Jesus. Ano ang sinasabi sa atin ng kanyang pagbabago tungkol sa kapangyarihan ng Diyos na magligtas? Ano ang sinasabi ng kanyang ministeryo tungkol sa uri ng tao na pinipili ng Diyos na gagamitin upang maglingkod sa Kanya? Anong uri ng tao ang iyong ipapanalangin?

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos sa mga naglilingkod na may sakripisyo at masigasig sa Kanya. Pasalamatan Siya sa Kanyang kapangyarihang magligtas ng di-kanaisnais na tao. Ipanalangin ang mga taong tumatanggi kay Jesus at hingin sa Diyos na ipakita sa kanila ang katotohanan at iligtas sila. Hingin sa Kanya na pag-ibayuhin ang iyong sigasig sa paglilingkod sa Kanya na may sakripisyo.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Ano ang kaugnayan ng pagkamartir ni Esteban sa dakilang talata na isinulat ni Apostol Pablo (Roma 8:28), kung saan sinulat ni Pablo na ang lahat ng bagay ay nagkakalakip-lakip para sa ikabubuti ng mga nagmamahal sa Diyos at tinawag ayon sa Kanyang plano?

2. Paano mo maiuugnay ang Pentecostes sa Mga Gawa 2 doon sa Pentecostes sa Samaria (kabanata 8), sa simula ng ministeryo ni Pablo sa Efeso (kabanata 19), at sa ministeryo ni Pedro sa bahay ng Kapitan ng Romano, Cornelio (kabanata 10)?

3. Sa kabila ng kakaibang detalye ng mga Pentecostes na nabanggit, ano ang kaugnayan ng mga ito sa prinsipyo sa ating pangangailangan ng Pentecostes upang ikalat ang Ebanghelyo sa buong mundo?

4. Maari ba nating sundin at ipatupad ang Dakilang Komisyon kung walang kapangyarihan ng Pentecostes?

5. Naniniwala ka ba na posible at kailangan na magkaroon ka ng sariling Pentecostes? Ipaliwanag.

6. Sa paanong paraan ipinakita sa atin ni Jesus na kailangan nating hanapin ang sarili nating Pentecostes sa Lucas 11:9-13?

7. Totoo ba, at posible ba para sa atin ang mabuhay at gawin ang ministeryo na ipinagkaloob sa atin ni Jesu-Cristo na walang sariling Pentecostes?

Paano Gumawa ng Isang Alagad

Kabanata 5
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 35

Layunin: Upang maunawaan paano ginagamit ng Diyos ang Kanyang mga alagad upang gumawa ng iba pang mga alagad.

At nagsalita si Pedro, "Ngayon ko lubusang naunawaan na talagang walang itinatangi ang Diyos. Nalulugod siya sa sinumang may takot sa kanya at gumagawa ng matuwid, kahit tagasaan mang bansa.

—Mga Gawa 10:34-35

Dalawang kuwento ang nagsasabi sa atin kung paano gumawa ng mga alagad ang Diyos. Ang unang kuwento ay tungkol sa Banal na Espiritu na nagdala kay Felipe sa disyerto at ibinahagi ang magandang balita sa isang opisyal ng Etiopia. Ang taga-Etiopia ay nagbabasa ng propesiya tungkol sa Mesiyas sa aklat ng Isaias ngunit hindi niya ito maintindihan. Ibinahagi ni Felipe sa kanya ang katotohanan at nung maniwala ang taga-Etiopia kay Jesus, binautismuhan siya ni Felipe. Sa kabilang kuwento naman, nagbigay ng pangitain ang Diyos kay Pedro at Cornelio upang ituwid ang kanilang maling pagkiling, upang ang mga Hentil ay makarinig din ng ebanghelyo tulad ng mga Hudyo. Noong ipinaliwanag ni Pedro kay Cornelio ang katotohanan tungkol kay Jesus at sa kanyang buong sambahayan, ang Banal na Espiritu ay dumapo sa mga Hentil tulad ng ginawa Niya sa araw ng Pentecostes.

Makakakuha tayo ng mga pamamaraan paano gumawa ng mga alagad mula sa dalawang kuwento na ito. Ang inspiradong halimbawa na ito ay nagpapakita sa atin kung saan ang Banal na Espiritu ay kailangang kumilos sa pamamagitan ng Salita ng Diyos at sa buhay ng taong ligaw at ang gumagawa ng alagad. Kapag ang Salita ng Diyos ay tinanggap sa puso sa pamamagitan ng pananampalataya, isang pagsilang sa espiritu ang mangyayari. Mayroon tayong mahalagang bahagi sa paggawa ng mga alagad habang ibinabahagi natin ang Salita ng Diyos sa mga tao at habang kumikilos Siya sa kanilang mga puso upang maunawaan ito at tanggapin.

1. Tama o Mali? Madalas na inaalis nang Banal na Espiritu ang pagkiling ng mga tao sa aklat ng Mga Gawa.

2. Tama o Mali? Tumanggi si Pedro na pumunta sa bahay ng isang Hentil sa kabila ng utos ng Diyos na pumunta siya.

3. Tama o Mali? Pinabayaan ni Pedro na yumuko sa kanya si Cornelio dahil siya ay kinatawan ng Diyos.

4. Tama o Mali? Dumapo ang Banal na Espiritu sa mga Hentil sa bahay ni Cornelio bago pa matapos magsalita si Pedro.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Ano ang kahulugan ng pangitain ni Pedro tungkol sa kumot na naglalaman ng maruruming hayop?
    a. Ang ebanghelyo ay para din naman sa mga hayop gaya ng ito ay para sa mga tao.
    b. Hindi na mahalaga para sa Diyos ang kinakain ng isang tao.
    c. Huwag nating isipin na mayroon maruruming tao.
    d. Masyadong ligalig si Pedro kaya kailangan niya ng maraming pahinga.

6. Ano ang hangganan sa lipunan ang tinawid ng ebanghelyo nang mangaral si Pedro sa sambahayan ni Cornelio?
    a. Ang hangganan ng taong militar at sibil
    b. Ang hangganan ng mga Hudyo at mga Hentil
    c. Ang hangganan ng mga taong iba-iba ang edad
    d. Ang hangganan ng mga taong iba-iba ang kulay ng balat

7. Bakit pumunta si Felipe sa Gaza upang kausapin ang taga-Etiopia?
    a. Mas gusto niyang magtrabaho sa liblib na mga lugar.
    b. Sinabi sa kanya ng Banal na Espiritu.
    c. Alam niya ang pupuntahan ng taga-Etiopia kaya pumunta siya doon.
    d. Ito ay pawang pagkakataon lamang.

8. Ano ang pinakamahalagang aspeto ng bautismo?
    a. Kung ang tao ay babautismuhan ng palubog o wisikan sa tubig
    b. Ang lugar ng pagdadausan nito
    c. Ang mga sasabihin bago, habang, at pagkatapos
    d. Ang kahulugan ng gagawin at ang pananampalataya ng isang tao

9. Alin sa mga sumusunod ang magandang larawan ng bautismo?
    a. Isang espirituwal na seremonya ng kasalan
    b. Isang pribado at panloob na paguugali
    c. Isang pagtatangka na patunayan na pagka-espiriutwal ng isang tao
    d. Isang matindi, at ma-detalyeng rituwal na walang pagkakamali

10. Ano ang nagagawa ng bautismo?
    a. Nililigtas tayo sa ating mga kasalanan. Hindi tayo puwedeng maligtas kung hindi tayo nabautismuhan.
    b. Patunay na tayo ay tumututoo.
    c. Isang pampublikong kapahayagan ng ating pananampalataya.
    d. Nagpapakita sa lahat kung gaano tayo ka espirituwal.

11. Alin sa mga sumusunod ang mahalagang kagamitan sa paggawa ng alagad?
    a. Ang Salita ng Diyos
    b. Ang Espiritu ng Diyos
    c. Ang lingkod ng Diyos
    d. Lahat ng nasa itaas.

12. Kanino dapat kumilos ang Banal na Espiritu upang makagawa ng alagad?
    a. Sa taong nagbabahagi ng kanyang pananampalataya
    b. Sa taong nakinig ng Salita at tinanggap ito
    c. Pareho, ang taong nagbahagi ng Salita at ang nakarinig nito
    d. Wala isa man—ito ay pawang pagpapasya sa kaisipan

Hiningi mo na ba sa Diyos na tulungan kang gumawa ng alagad? Kung hindi pa, bakit hindi? Paano ka magagamit ng Diyos upang makatulong sa pagganap ng Dakilang Komisyon? Sa paanong paraan ka maaaring bigyan ng kapangyarihan upang magawa mo ito?

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos sa mga taong nagbahagi ng magandang balita sa iyo. Pasalamatan ang Diyos sa pagbibigay Niya ng kapangyarihan at espirituwal na kaloob sa bawat isa sa atin. Hingin na tulungan kang lumago bilang isang alagad at akayin ka sa mga tao na maaari mong ibahagi ang iyong pananampalataya.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Ano ang naging epekto ng desisyon ni Pablo na pumunta sa Europa imbis na sa Asia sa iglesia at kasaysayan ?

2. Ang unang dalawang kabanata ng Galacia ay nagsasabi sa atin na si Pablo ay gumugol ng di kukulangin sa tatlo hanggang labing-apat na taon sa Arabia kasama si Cristo bago pa siya kumonsulta sa mga apostoles at nagsimula ng kanyang makapangyarihang ministeryo. Paano mo paniniwalaan kung paano nakumbinsi ni Pablo ang mga kalalakihan na siya ay apostol din tulad nila?

3. Paano natin magagamit ang ating natutunan tungkol sa gabay ng Diyos mula sa katotohanang sinabi ng Diyos kay Ananias, ang pinakabuod ng buong buhay ni Pablo, ngunit binigyan lamang ng isang utos si Pablo?

4. Paano natin magagamit ang ating natutunan tungkol sa gabay ng Diyos mula sa katotohanang nakita sa pangitain ni apostol Pablo ang isang tao sa Macedonia, ngunit nang siya ay nakarating sa Filipos natagpuan lamang niya ang mga babae sa kanilang prayer meeting?

5. Paano natin magagamit ang katotohanan sa simula na ibinigay ng Diyos sa kanya, binuksan ni Pablo ang Salita, binuksan ng Banal na Espiritu ang puso ni Lydia, at binuksan naman ni Lydia ang kanyang bahay, na naging paboritong iglesia ni Pablo kung saan ito ay nagpapadala ng mga misyonaryo?

6. Anong ibig sabihin ng maniwala sa Panginoong Jesu-Cristo at malaman mo na ikaw at ang iyong sambahayan ay maliligtas?

7. Ano ang kaibahan ng istratehiya ni Pablo at pangangaral sa Athens at Corinto? Bakit siya nagbago?

Ang Personal na Pentecostes ni Pablo

Kabanata 6
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 36

Layunin: Upang maunawaan ang pakikipagtagpo ni Pablo kay Jesus at maunawaan ang misyon na ibinigay sa kanya ng Diyos.

"Tumayo ka! Nagpakita ako sa iyo upang ikaw ay isugo, upang magpatotoo tungkol sa nakita mo ngayon at sa mga ipapakita ko pa sa iyo. Ililigtas kita mula sa mga kababayan mo at sa mga Hentil na pupuntahan mo sa pangalan ko. Isusugo kita sa mga taong iyon upang imulat ang kanilang mga mata, ibalik sila sa kaliwanagan mula sa kadiliman, iligtas sila sa kapangyarihan ni Satanas at ibalik sa Diyos. At sa pamamagitan ng pananampalataya nila sa akin, sila'y patatawarin sa kanilang mga kasalanan at sila'y mapapabilang sa mga taong pinaging-banal ng Diyos."

—Mga Gawa 26:16-18

Si Saulo, na kilala rin sa pangalang Pablo, ay may Kinatagpo ni Jesus sa kakaibang paraan sa daan ng Damasco. Hindi natin kayang ipaliwanag ang apostol na ito maliban sa kanyang karanasan. Ito ang karanasan na nagpabago sa kanya, humubog ng kanyang hinaharap, at ang panghinaharap ng iglesia. Ang karanasang ito ay binanggit ng iilang beses sa aklat ng Mga Gawa, dalawang beses ginawa ito ni Pablo noong siya ay nasa ilalim ng paglilitis.

Kinamumuhian ni Pablo si Cristo at inusig niya ang mga Kristiyano, ngunit noong nagpakita sa kanya si Jesus, sinabi ng Panginoon, "Bakit mo ako inuusig?" Ni hindi alam ni Pablo kung sino ang kausap niya, kaya nga tanong niya, "Sino ka Panginoon?" Sa karanasan na ito, ang mabagsik na Saulo ay napalitan ng "maamong" Pablo. Tinanggap ni Pablo ang pamamahala ng Panginoon sa buhay niya bilang maamong kabayo. Binago siya at naging mapagkumbaba at handang magpaturo.

Pagkatapos, sa mga liham ni Pablo, kanyang ipinaliwanag ang ginawa ng Diyos sa kaligtasang ibinigay sa atin sa pamamagitan ni Jesus. Ngunit sa unang tagpo niya kay Jesus, ang tanong niya ay hindi, "Ano ang gagawin mo para sa akin?" Ang tanong niya, "Panginoon, ano ang nais mong gawin ko?"

Pagkatapos ng kanyang karanasan sa daan ng Damasco, dinala si Pablo sa isang tao na ang pangalan ay Ananias na nagbautismo sa kanya. Ipinakita kay Ananias ang plano kay Pablo—na siya ay pinili bilang instrumento na dalhin ang ebanghelyo una sa mga Hudyo pagkatapos sa mga Hentil at kanilang mga hari. Nang malaman ni Ananias na ang kaaway na ito ng iglesia ay binago ng Diyos, itinuring niya itong kapatid sapagkat nauunawaan niya ang kapangyarihan ng ebanghelyo: na ang biyaya ng Diyos ay nagpapabago ng buhay.

1. Tama o Mali? Sa unang paglitaw ni Saulo sa aklat ng Mga Gawa, kinamumuhian niya si Jesus at kaaway niya ang iglesia.

2. Tama o Mali? Ang pagbabago ni Saulo ay base lamang sa intelektuwal na pang-unawa ng ebanghelyo at hindi ito base sa karanasan.

3. Tama o Mali? Inakusahan ni Jesus si Saulo na umuusig sa Kanya, hindi lamang sa iglesia.

4. Tama o Mali? Ang galit ni Saulo sa iglesia ay tanda nang walang pagkilos ng Banal na Espiritu sa kanyang buhay.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Paano tumugon si Jesus sa galit ni Saulo sa Kanya?
    a. Nangako Siya na hindi papapasukin si Saulo sa Kanyang kaharian.
    b. Pinarusahan si Saulo ng karamdaman.
    c. Iningatan Niya ang Kanyang mga taga-sunod upang walang mananampalataya ang maghirap dahil sa kanya.
    d. Nagpakita Siya kay Saulo upang makumbinsi niya sa katotohanan at tawagin siya sa ministeryo.

6. Ano ang tanong ni Jesus kay Pablo?
    a. “Bakit mo ako inuusig?”
    b. “Bakit ka masyadong masigasig?”
    c. “Gaano ka na katagal naglalakbay sa daan na ito?”
    d. “Papayag ka ba na mag-boluntaryo sa misyon?”

7. Ano ang itinanong ni Saulo kay Jesus?
    a. “Paano nangyari ang muli mong pagkabuhay?”
    b. “Sino ka, Panginoon?”
    c. “Ano ang ibig sabihin ng parabulang Alibughang Anak?”
    d. “Ano ang hitsura ng langit?”

8. Ano ang mahalaga sa “personal na Pentecostes”—ang katagpuin ka ng Diyos?
    a. Paano ito nangyari
    b. Ang detalye ng karanasan
    c. Ang resulta ng karanasan
    d. Kung sang-ayon ang ibang tao sa kanilang karanasan

9. Bakit tayo dapat gumawa ng mabuti?
    a. Upang ma-impres ang ibang tao.
    b. Upang maligtas.
    c. Dahil tayo ay ligtas.
    d. Hindi tayo dapat gumawa ng mabuti dahil ang kaligtasan ay sa pamamagitan ng pananampalataya.

10. Ano ang mga nangyaring mahahalaga kay Pablo noong makilala niya si Jesus?
    a. Bumaligtad ang mga ito na ang dating mga mahalaga ay naging bale wala, ang mga bagay na bale wala sa kanya ay naging napakahalaga.
    b. Si Jesus ang naging pinakamahalaga sa kanya, ngunit ang ibang bagay ay nanatiling pareho.
    c. Walang mga pagbabago ang mga ito.
    d. Nagsimulang maging mahalaga ang kanyang minana at ang mga kredensyal niya.

11. Ano ang ipinakita ng Diyos kay Ananias para makumbinsi siya na bautismuhan si Pablo?
    a. Lahat ng nakalipas na kasalanan niya, upang paalalahanan siya sa kanyang obligasyon sa Diyos
    b. Mga anghel na mag-iingat kay Ananias sa mga pagbabanta ni Pablo
    c. Ang parusang nakaabang kay Ananias kung hindi siya susunod
    d. Ang panghinaharap na plano ng Diyos kay Pablo

Tinanong mo na ba, tulad ni Pablo, ang ganito: “Panginoon, ano ang nais mong gawin ko?” Kung tinanong mo na siya, ano ang tugon ng Diyos sa tanong mo? Kung hindi pa, may dahilan ba na hindi mo itatanong ito ngayon sa Kanya?

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos na mayroon Siyang plano sa buhay mo. Hingin kung ano ang nais Niyang ipagawa sa iyo upang matupad mo ang layunin niya sa buhay mo. Ipanalangin na mamunga Siya ng marami sa buhay mo habang pinaglilingkuran mo Siya.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Ano ang iniisip mo tungkol sa *karanasan ni Pablo sa daan ng Damasco,* at paano mo ito magagamit sa iyong sarili?

2. Dahil ang pinaka-mahalagang bahagi ng karanasang espirituwal ay ang resulta nito kaysa sa detalye nito, ano ang mga resulta sa karananasan ni Pablo at paano magagamit ang mga ito sa ating mga sarili?

3. Habang sinasagot mo ang tanong sa itaas, paano mo magagamit ang mga talata sa Filipos 3:7-17, kung saan inilalarawan ni Pablo ang karanasan na ito base sa mga resulta nito?

4. Ano ang gamit para sa atin ng katotohanang si Saulo ng Tarsus na nagmukhang pinakamahirap na kaso at pinaka-imposibleng tao na maniniwala kay Kristo, gayun pa man siya ang di maipagkakaila na pinaka-dakilang misyonero ng iglesia?

5. Gayung hindi natin maipaliliwanag ang lahat sa buhay at ministeryo ni Apostol Pablo maliban sa karanasan niya na nakasulat sa Salita, sa gamit nito, naniniwala ka ba sa karanasan sa pagiging Kristiyano?

6. Mayroon ka bang karanasan sa iyong paglalakbay bilang mananampalataya, naghahanap ka ba ng karanasan, paano mo ito hinahanap?

7. Tinuruan tayo ni Jesus na humingi, maghanap, at kumatok sa pag-kakilala sa Diyos. Ano ang itinuturo sa atin na halimbawa ni Apostol Pablo tungkol sa pagkakilala sa Diyos?

Itinanim ng mga Huwaran ng Pentecostes
Ang mga Grupo ng Mananampalataya

Kabanata 7
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 37

Layunin: Upang matuto sa halimbawa ni Pablo sa pagtatayo niya ng mga iglesia.

"Sumagot naman sila, "Sumampalataya ka sa Panginoong Jesus, at maliligtas ka, ikaw at ang iyong sambahayan."

—Mga Gawa 16:31

Hindi ko ikinahihiya ang Magandang Balita, sapagkat ito ang kapangyarihan ng Diyos para sa kaligtasan ng bawat sumasampalataya, una'y sa mga Judio at gayundin sa mga Griego.

—Taga Roma 1:16

Maraming mga tao ang hindi makapaniwala na si Saulo, ang taga-usig ng iglesia, ay naligtas—lalo na si Ananias, na siyang inutusan ng Panginoon na pagalingin at bautismuhan siya. Kaagad nagsimulang nagpatoto si Pablo sa Damasco na si Jesus ay si Cristo. Ito ang simula ng ministeryo ng pinaka-impluwensiyadong Kristiyano sa Bagong Tipan.

Ayon sa Galacia kabanatang 1, si Pablo ay gumugol ng iilang taon sa Arabia kasama si Jesus, natuto siya sa panahon na ito na kanyang isinulat sa mga liham niya. Pagkatapos ay nakipagkita siya sa mga apostol at nagsimula siyang magtanim ng mga iglesia sa mga Hentil. Nagsimula si Pablo kasama si Bernabe sa pagiging misyonero, ikinalat nila ang ebanghelyo sa Mediterranean. Ang plano niya na pumunta sa Asia ay iniliko ng Banal na Espiritu, kaya pumunta na lamang siya sa Europa. Dahil dito nakilala niya si Lydia at ginamit ang kanyang bahay upang abutin ang mga taga-Filipos ng ebanghelyo. Ang lungsod ng Filipos ay bumaligtad ngunit hindi nangyari ito hanggat hindi napalayas ni Pablo ang demonyo sa isang babaeng manghuhula at pagkatapos ay inaresto siya, nilatigo, ikinulong, at pagkatapos ay napalaya sa mga di pangkaraniwang pangyayari.

Sa kabila ng kagustuhan niyang manatili sa Filipos, nagpatuloy siyang maglakbay at ipinangaral ang ebanghelyo sa Athens at Corinto at dito inilatag niya ang pundasyon ng iglesia upang magpatuloy na tuparin ang Dakilang Komisyon.

1. Tama o Mali? Noong unang sabihin ng Diyos kay Ananias ang tungkol sa pagbabago ni Saulo, natakot si Ananias.

2. Tama o Mali? Noong makatagpo ni Saulo si Jesus sa daan ng Damasco, ipinakita ni Jesus ang buong plano Niya sa kanyang buhay.

3. Tama o Mali? Kahit kailan hindi kumunsulta si Saulo sa mga apostol sa buong buhay niya.

4. Tama o Mali? Ipinangaral lamang ni Pablo ang ebanghelyo sa mga Hudyo, hindi sa mga Hentil.

5. Tama o Mali? Kung hindi pumunta si Pablo sa Europa imbis na sa Asia, maaaring nabuklat ang kasaysayan sa kakaibang pangyayari.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

6. Bakit mahalaga ang mga liham ni Pablo?
    a. Tumutulong ang mga ito upang maunawaan natin ang kasaysayan.
    b. Ipinapakita sa atin paano harapin ang mga problema sa iglesia at ikalat ang ebanghelyo.
    c. Ipinapakita sa atin gaano kaperpekto ang iglesia.
    d. Nagbibigay ng detalyeng propesiya sa mga huling panahon.

7. Ano ang unang natuklasan ni Pablo pagdating niya sa Filipos?
    a. Isang malaking sinagoga kung saan siya ay nangaral sa mga Hudyong kalalakihan
    b. Isang templo ng mga Romano kung saan nangaral siya sa mga Hentil
    c. Isang maliit na pagtitipon ng mga Hudyong kababaihan sa tabi ng ilog
    d. Isang galit na nagkakagulong mga tao na nais siyang batuhin

8. Bakit makabuluhan si Lydia?
    a. Siya ang unang babaeng binagyan ng pansin sa Mga Gawa.
    b. Ang kanyang bahay ay naging saligan ni Pablo sa Filipos.
    c. Ang kanyang bahay ay unang iglesia sa Europa.
    d. Lahat ng nasa itaas.

9. Ano ang ginawa ni Pablo at Silas nang sila ay nasa loob ng kulungan sa Filipos?
    a. Tumawag sila ng abogado upang tulungan silang makalaya.
    b. Gumawa sila ng planong pagtakas.
    c. Sumamba sila at umawit ng mga himno sa Diyos.
    d. Nawalan sila ng pag-asa dahil hindi sila iningatan ng Diyos.

10. Ano ang ibig sabihin ng "sumampalataya sa Panginoong Jesu-Cristo?"
    a. Maniwala lang na totoo si Jesus
    b. Maniwala na si Jesus ay Siyang Mesiyas at Siya ay Panginoon, at binuhay siyang muli mula sa mga patay.
    c. Maniwala sa kaisipan ng may pangunawa sa bawat detalye ng ebanghelyo
    d. Sumang-ayon sa ibang mga Kristiyano

11. Ano ang iniisip ni Pablo tungkol sa iglesia sa Filipos?
    a. Maaring ito ang paborito niyang iglesia.
    b. Nalungkot siya dahil sa dami ng mga problema sa iglesia.
    c. Nagalit siya sa pagiging katigasan ng ulo ng mga taga Filipos.
    d. Inisip niya na mayroon pa silang higit na nagawa upang sila ay mapalaya sa kulungan.

12. Ano ang tema ng liham ni Pablo sa mga taga Athens?
    a. Ang katotohanan ng Pilosopiyang Griyego
    b. Ang simpleng katotohanan ng Ebanghelyo
    c. Ang kanyang pagmamahal sa iglesia sa Athens
    d. Wala kahit isa sa itaas; hindi siya sumulat ng liham sa mga taga Athens.

Ano ang nais ng Diyos na maging tugon natin kapag narinig natin ang Kanyang Salita? Natagpuan mo na ba na madaling tanggapin ang Salita ng Diyos bilang katotohanan? Bakit o bakit hindi?

_____

_____

_____

Pinili mo na ba "na manampalataya sa Panginoong Jesu-Cristo?" Kung ito ay totoo, paano nabago ang iyong buhay sa pagsunod sa Kanya bilang Panginoon? Kung hindi pa, ano sa palagay mo paano mababago ang buhay mo kapag naniwala ka na at sumunod sa Kanya? Magagawa mo ba na mangako sa Kanya ngayon?

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos na maaari natin Siyang sambahin kahit na sa pinakamahirap na panahon, tulad ni Pablo at Silas noong nasa bilangguan sila, dahil laging Siyang kasama natin at Siya ay kakampi natin. Hingin na tulungan kang sambahin Siya ngayon, kahit na sa gitna ng napakahirap na panahon. Hingin na bigyan ka ng kapahingahan at gamitin ang mga pangyayari sa buhay mo bilang patotoo sa Kanya at tulungan kang ibahagi ang ebanghelyo.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Paano nagawa ng Diyos na alisin ang pagkiling ni Pedro upang magamit si Pedro na abutin ang mga unang Hentil sa bahay ni Cornelio, ang kapitan ng Romano?

2. Paano natin maiuugnay at magagamit ang karanasan ni Pedro sa mga Hentil at ang pangitain niya ng kumot na naglalaman ng maruruming hayop?

3. Mayroong ka bang anumang pagkiling sa kaninumang tao na sa paniniwala mo ito ay humahadlang upang ibahagi ang Ebanghelyo sa kanila? Ano ang mga ito?

4. Ilarawan at ipaliwanag ang tatlong magkakabit na tanikala sa pagitan ng Diyos at ligaw na tao.

5. Bakit ang bautismo ay napakahalagang bagay sa ministeryo ng mga apostol? Ano ang kahalagahan, kahulugan, at layunin ng pagbabautismo sa mga nagsabi na sila'y tagasunod ni Jesus? *(Isaalang-alang ang Mateo 28:18-20)*

6. Paano natin magagamit ang pag-akay ng Banal na Espiritu kay Felipe na iwan ang krusada ng ebanghelyo sa mga Samaritano at pumunta sa disyerto para abutin ang isang tao mula sa Etiopia?

7. Paano natin magagamit ang depensa ni Pedro sa mga lider ng Iglesia ng mga Hudyo sa kabanatang 11 at 12, kung bakit pumasok siya sa bahay ng isang Hentil na isa sa mga Romanong kalaban nila at ipinangaral ang Ebanghelyo?

Ang Pangangaral ni Pablo

Kabanata 8
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 38

Layunin: Upang maunawaan ang pangangaral ni Pablo at paano niya ginawa ang kanyang ministeryo.

"Sumagot naman sila, "Sumampalataya ka sa Panginoong Jesus, at maliligtas ka, ikaw at ang iyong sambahayan."

—Mga Gawa 20:24

Iniisip ng iilang iskolar na hindi naging epektibo si Pablo sa Athens dahil masyado siyang naging matalino sa kanyang sermon at kakaunti ang mga taong naniwala. Inisip naman ng iba na napakagaling ng kanyang paggamit sa kanilang kultura upang iugnay ang ebanghelyo sa kanila na hindi nakakasakit. Alin man doon, mukhang natututo siya ng maigi, dahil sa susunod na lugar, sa Corinto, ginawa niyang simple ang pagpapahayag ng mabuting balita na si Jesus ay namatay para sa ating mga kasalanan at nabuhay na muli mula sa mga patay.

Pagkatapos, pumunta si Pablo sa Miletus upang magpaalam sa mga lider ng iglesia sa Efeso, kung saan ginawa niya ang ministeryo sa mahigit na tatlong taon. Alam niya hindi na niya sila makikitang muli at paghihirap ang haharapin niya sa Jerusalem, ngunit kumbinsido siya na gusto nang Diyos na gawin niya ito. Ang maramdaming pananalita niya sa mga taga-Efeso ay nagpapakita ng kanyang pagmamahal at integridad sa paggawa sa ministeryo.

Matagal ng inaasam ni Pablo na ibahagi ang ebanghelyo sa bawat isa na kanyang makikilala dahil mahal niya ang mga ito, lalo na ang kanyang sariling kababayan, ang mga Hudyo. Sa Jerusalem, pumunta siya sa templo upang ipakita na hindi siya hadlang sa kautusan ni Moses, gaya nang sinasabi ng iba. Ngunit habang siya ay naroon, ang mga tao ay naudyukan na kalabanin siya. Kahit sa ganong pangyayari, ginamit ni Pablo ang pagkakataon para ipahayag ang mensahe. Ginawa niya ang lahat para sa ebanghelyo.

1. Tama o Mali? Mabunga ang ministeryo ni Pablo sa Athens.

2. Tama o Mali? Maraming mga diyos-diyosan sa lungsod ng Athens.

3. Tama o Mali? Pagkatapos nang pangyayari sa Athens, ang normal na gawi ni Pablo ay ipahayag ng simple ang ebanghelyo.

4. Tama o Mali? Ang pangunahing mensahe ng ebanghelyo ay namatay si Jesu-Cristo para sa ating mga kasalanan at nabuhay na muli mula sa mga patay.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Ano ang naging tugon ng mga taga-Athens sa pahayag ni Pablo na si Jesus ay nabuhay na muli mula sa mga patay?
    a. Masaya nilang pinaniwalaan ang mensahe.
    b. Marami ang naniwala at marami ang nais makarinig pa.
    c. Iilan ang nagnais na makarinig pa, ngunit marami ang nangutya sa kanya.
    d. Kinaladkad siya palabas sa lungsod at tinangka siyang batuhin.

6. Gaano katagal nanatili si Pablo sa Efeso?
    a. Kaunting araw lang
    b. Mga anim na buwan
    c. Pareho nang panahon na ginugol sa Corinto
    d. Tatlo at kalahating taon

7. Sino ang nakilala ni Pablo sa Miletus nang siya ay papunta sa Jerusalem?
    a. Lydia, Timoteo, at ang tagapiit sa Filipos
    b. Iilang mga pilosopo mula sa Athens
    c. Isang emperador ng Roma
    d. Iilang pastor at mga lider mula sa iglesia ng Efeso

8. Ano ang naghihintay kay Pablo sa Jerusalem?
    a. Pagkabihag at paghihirap
    b. Isang masayang pagtanggap
    c. Isang konseho ng mga apostol na nagnanais na ituwid siya
    d. Isang pagkakataon na naman upang magsimula nang iglesia

9. Ano ang naging suporta ni Pablo habang siya ay nasa Efeso?
    a. Kinuha siya ng iglesia sa Efeso upang maging pastor.
    b. Nagtrabaho siya ng maigi, laging gumagawa ng tolda, upang huwag siyang maging pabigat sa kanila.
    c. Patuloy ang pagpapadala ng pera sa kanya ng taga Corinto.
    d. Milagrong pinakain siya ng Diyos ng mana mula sa langit.

10. Ano ang naging tugon ni Pablo nang ang mga Kristiyanong lider sa Jerusalem ay nagsabi sa kanya na ipakita na hindi siya salungat sa kautusan ni Moses?
    a. Sumang-ayon siya na gawin ito at nagpunta siya sa templo kasama ang ibang kalalakihan na nagpapanata at nag-aalay ng sakripisyo.
    b. Sumangayon siya at kinumpirma niya na ang mga Kristiyano ay obligadong panatiliin ang batas ni Moses.
    c. Tinanggihan niya ito dahil hindi obligado ang mga Kristiyano na panatiliin ang batas ni Moses.
    d. Lubos niyang tinanggihan ang Judaism at kaagad nilayasan ang Jerusalem.

11. Ano ang ginawa ni Pablo nang ang mga tao sa templo ay tangkain siyang patayin?
    a. Lumayas siya at nagpanata na hindi na siya pupunta muli sa Jerusalem.
    b. Nagalit siya at nagsimulang insultuhin ang mga tao.
    c. Ginamit niya ang atensiyon ng mga tao at nangaral siya ng sermon.
    d. Hinimok niya ang mga Kristiyano na magalak at lumaban hanggang kamatayan.

Ginawa lahat ni Pablo para sa ebanghelyo. Ano ang naging pagbabago sa buhay mo kung gagawin mo ang ginawa niya? Anong mga desisyon ang gagawin mo? Paano magbabago ang mga relasyon mo? Mayroon bang mga bagay na dapat mong isuko upang maitalaga ang buong buhay mo sa Diyos at sa Kanyang mga layunin? Kung gayon nga, ano ito?

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos sa pagtulong sa iyo na lumago sa pananampalataya at sa pagtuturo sa iyo ng Kanyang katotohanan. Ialay ang iyong sarili sa Kanya araw-araw. Hingin sa Kanya kung mayroong kang anumang bagay na dapat baguhin upang mapaglingkuran mo Siya ng buong puso.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Habang binabasa mo ang lahat ng mga dakilang sermon ni Pablo sa Mga Gawa, ano ang iniisip mong malaking pagbabago sa pangangaral ni Pablo pagkatapos ng kanyang karanasan sa Athens at Corinto? *(Isa alang-alang ang Mga Gawa 17, 18:9, 10; 1 Corinto 2:1-5; 15:1-4)*

2. Kapag maingat mong pinag-aralan ang kanyang sermon sa Areopagus na natala sa Mga Gawa 17, at ikumpara sa 1 Corinto 2:1-5, iniisip mo bang maliwanag na gumamit siya ng"mapang-akit na salita galing sa karunungan ng tao" nang sinipi niya ang Griyegong makata at pilosopo? Kung totoo nga, ano ang katotohanan na hindi na siya muling nangaral ng ganon upang mapalakas ang argumento na natuto nga siya mula sa karanasan sa Athens kung paano mangaral ng ebanghelyo?

3. Sa palagay mo ba, ang mga kalalakihan tulad ni Timoteo ay pumunta sa pagtuturo ni Pablo sa Eskuwelahan ng Tyrannus sa Efeso, na mistulang seminaryo kung saan nagsasanay si Pablo ng mga pastor *(Isangalang-alang ang 2 Timoteo 2:2)* Bakit o bakit hindi?

4. Ano ang layunin ng Konseho sa Jerusalem, na natala sa Mga Gawa 15, ano ang naging resulta nito?

5. Sa maramdaming paalam ni Pablo sa mga Matatanda sa Efeso (Mga Gawa 20:17-38), ano ang matututunan natin at magagamit natin mula sa matapat na pangaral at pagtuturo nitong dakilang apostol?

6. Ano ang maaari nating matutunan at magagamit tungkol sa paano nagpulong, nagakay at nag-organisa ng Iglesia sa Efeso?

7. Ano ang matututunan at magagamit natin sa dalawang bagay na nais ni Pablo na dapat huwag kalimutan ng mga Matatanda (20:35)?

Ang Huwaran ni Pablo

Kabanata 9
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 39

Layunin: Upang ipagpatuloy na siyasatin at unawain ang misyon at pagkatao ni Pablo.

"Kaya't pinagsisikapan kong laging maging malinis ang aking budhi sa harap ng Diyos at ng tao. Inaamin kong ang pagsamba ko sa Diyos ng aming mga ninuno ay ayon sa Daan na sinasabi nilang maling pananampalataya. Subalit naniniwala rin ako sa lahat ng nasusulat sa Kautusan at sa mga aklat ng mga propeta. Tulad nila, sumasampalataya din akong muling bubuhayin ng Diyos ang lahat ng tao, matuwid man o di-matuwid."

—Mga Gawa 24:14-16

Hindi sinayang ni Pablo ang bawat pagkakataon upang ibahagi ang kuwento ng kanyang pananampalataya. Kahit sa mga galit na mga nagkakagulong mga tao na nais siyang saktan kanya pa ring ibinahagi ang kanyang pananampalataya sa Jerusalem. Di naglaon kinuha siya ng mga sundalong Romano para sa kanyang proteksyon, ngunit nakakita si Pablo ng pagkakataon na mangaral sa maraming tao. Nakaligtas siya sa pagpalo ng mga sundalo dahil sinabi niya na siya ay mamamayan ng Roma, at pagkatapos udyukan ang argumento tungkol sa muling pagkabuhay sa konseho ng mga Hudyo, kinailangan siyang iligtas ng mga Romanong sundalo mula sa mga galit na tao.

Pagkatapos matuklasan ang tangkang pagpatay kay Pablo, dinala siya ng mga Romano sa Cesaria upang humarap kay gobernador Felix. Muli kinuha ni Pablo ang pagkakataon upang ibahagi ang kanyang patotoo kay Felix at sa nag-aakusang mga Hudyo. Kahit mapang-akit ang kanyang argumento na nakaapeketo kay Felix, nanatili si Pablo sa kulungan ng dalawang taon pa.

Nang si Felix ay namatay at napalitan ni Festus, nag-apila si Pablo kay Cesar upang maiwasan ang paglilitis sa Jerusalem at mapadala siya sa Roma. Habang naghihintay siya sa paglisan sa Roma, muling ginamit ni Pablo ang pagkakataon na ipangaral ang ebanghelyo kay Festus at Haring Agripa. Napagtanto ni Agripa na walang kasalanan si Pablo at muntik nang siyang nahikayat na maniwala sa ebanghelyo.

Di kalaunan, ipinadala si Pablo sa Roma dala ng isang barko, at kanyang naimpluwensiyahan ang mga tripulante at mga pasahero sa pagbabahagi ng kanyang pananampalataya at hinulaan ng may katiyakan ang pagkawasak ng barko. Sa gitna ng bagyo na sumira sa barko, siniguro ni Pablo sa bawat isa sa barko na bagama't ang barko ay masisira walang sinomang masasaktan. Noong nakadaong na sila sa Malta, muling ibinahagi ni Pablo ang kanyang pananampalataya sa bawat isa, at ginamit siya Ni Jesu-Cristo upang pagalingin ang mga may sakit. Sa wakas, pagkaraan ng tatlong buwan, nagpatuloy ang kanyang paglalakbay sa Roma, kung saan ibinahagi niya ang ebanghelyo sa mga nagbabantay sa kanya at sa bawat isa na nakikinig.

1. Tama o Mali? Laging tumitingin si Pablo sa pagkakataon na maibahagi niya ang kanyang pananampalataya.

2. Tama o Mali? Binalaan si Pablo ng Diyos sa pamamagitan ng kanyang pamangkin sa 40 mga Hudyong nagtatangkang pumatay sa kanya.

3. Tama o Mali? Kahit na ang madla sa templo ay galit kay Pablo, ang mga lider ng relihiyon ay naging mabait sa kanya.

4. Tama o Mali? Tinanggihan ni Festus ang "apila ni Pablo kay Cesar" at siya ay nanatili sa bilangguan nang dalawang taon.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Ano ang sinabi ni Pablo na nagpatigil sa paghampas ng mga sundalo sa kanya?
    a. Binantaan niya ang mga sundalo sa poot ng Diyos?
    b. Sinabi niya sa mga sundalo na siya ay mamamayan ng Roma.
    c. Nagmakaawa siya mga sundalo na tumigil na.
    d. Sinuhulan niya ang mga sundalo.

6. Ano ang pinagtatalunan ng mga lider ng mga Hudyo noong nagdedepensa si Pablo sa kanyang sarili?
    a. Ang buwis sa templo
    b. Ang paniniwala sa pagkabuhay na muli
    c. Ang pagsakop ng Roma
    d. Kung ang pagbitay bilang parusa ay nasa batas

7. Pagkatapos makinig sa patotoo ni Pablo, ano ang pumasok sa isip ni Felix?
    a. Inisip niya na si Pablo ay isang nanggugulo sa mga relihiyon.
    b. Natakot siya at binagabag siya ng kanyang kasalanan.
    c. Sumangayon siya kay Drusilla, na palagay niya si Pablo ay matalino ngunit hindi namiminsala.
    d. Wala kahit isa sa nasa itaas.

8. Ano ang sinabi Pablo na nagtulak kay Festus upang ipadala siya sa Roma?
    a. Inapila niya ang kanyang kaso kay Cesar.
    b. Nangako siya kay Festus na manggugulo siya kung mananatili siya sa Cesarea.
    c. Nangako siya na sasabihin kay Cesar ang kadakilaan ni Festus.
    d. Nakumbinsi niya si Festus na ang pagpapadala sa kanya ay magdudulot ng pagkalimot ng mga tao sa kanya.

9. Bakit nagapila si Pablo kay Cesar?
    a. Naniniwala siya na hindi siya makakakuha ng patas na paglilitis mula kay Festus.
    b. Naniniwala siya na ang mga Hudyo ay nagbabanta pa rin na patayain siya sa Cesarea.
    c. Naniniwala siya na maipapangaral niya ang mabuting balita sa Roma.
    d. Lahat ng nasa itaas.

10. Pagkatapos marinig ang pagbabago ni Pablo, ano ang inisip ni Haring Agrippa kay Pablo?
    a. Inisip niya na inosente si Pablo.
    b. Maaaring muntik nang mahikayat na maniwala siya.
    c. Inakusahan si Pablo na nasisiraan na siya nang ulo.
    d. Lahat ng nasa itaas.

11. Paano naimpluwensiyahan ni Pablo ang mga kalalakihan sa barko ng ebanghelyo?
    a. Nagsalita siya ng walang pag-kahiya tungkol sa kanyang Diyos hangga't kaya niya.
    b. Sinabi sa kanila ang hula ng Diyos sa pagwasak ng barko ngunit walang masasaktan isa man sa kanila.
    c. Pinalakas ang kanilang loob at siniguro na ang Diyos ay kasama nila.
    d. Lahat ng nasa itaas.

Laging ibinabahagi ni Pablo ang kanyang patotoo. Ano ang iyong patotoo kay Jesus? Sa paanong paraan mo Siya nakatagpo? Kung may nagtanong sa iyo paano mo nakilala si Jesus at ano ang nagawang pagkakaiba Niya sa buhay mo, ano ang isasagot mo?

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos sa pagtawag Niya sa atin at paghahanda Niya upang makilala, mahalin, at paglingkuran Siya. Hingin na bigyan ka ng pagkakataon na sabihin ang iyong pagpapatotoo kay Jesus. Pasalamatan Siya kahit na ang iyong patotoo ay hindi ma-dramang katulad ni Pablo, gagamitin Niya ito upang baguhin ang buhay ng ibang tao.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Ipalagay mo at gamitin kung ano ang iniisip ni Pablo sa loob ng dalawang taon na nasa bilangguan siya sa Caserea sa Palestina, nang ang gobernador ay namatay at napalitan ng panibago.

2. Ano ang wastong bilang ng mga armadong kalalakihan ng Roma na umalalay kay Pablo sa gitna ng gabi patungo sa bilangguan sa Caserea?

3. Kung pag-aaralan mo ng mabuti ang dakilang sermon ni Pablo sa harapan ni Haring Agrippa, paano mo magagamit ang buhay at patotoo ni Pablo sa iyong sariling buhay at ministeryo?

4. Ano ang iyong matututunan at paano mo magagamit ang salaysay ng pamumuno ni Apostol Pablo sa panahon ng bagyo na sumira sa barko na siyang nagdala sa kanya patungo sa Roma para sa kanyang paglilitis sa korte ni Cesar?

5. Paano mo maiuugnay at magagamit ang tugon ni Pablo sa pagsampal sa kanya (Mga Gawa 23:1-3) base sa itinuro ni Jesus na huwag gaganti at isinagawa din naman ng batang Iglesia?

6. Paano mo magagamit ang sigasig ni Apostol Pablo sa pangangaral nang Ebanghelyo sa bawat pagkakataon na mayroon siya?

7. Paano mo maipapaliwanag at magagamit ang katotohanan na ang aklat ng Mga Gawa ay hindi nagtapos sa wakasan?

Diyos at Tao—Kung Ano Ito

Kabanata 10
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 40

Layunin: Upang ipakilala ang aklat ng Mga Taga Roma at ang kanyang mahahalagang tema.

"Hindi ko ikinahihiya ang Magandang Balita, sapagkat ito ang kapangyarihan ng Diyos para sa kaligtasan ng bawat sumasampalataya, una'y sa mga Judio at gayundin sa mga Griego. Sapagkat ipinapakita ng Magandang Balita kung paano ginagawang matuwid ng Diyos ang isang tao; at ito ay sa pamamagitan ng pananampalataya buhat sa simula hanggang sa wakas. Tulad ng sinasabi sa Kasulatan, "Ang itinuring na matuwid ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya ay mabubuhay."

—Mga Taga Roma 1:16-17

Ang aklat ng Mga Taga Roma ay ang obra maestra ng teolohiya ni Pablo, na kanyang inipon sa loob nang napakaraming taon sa ministeryo. Kahit na ito ay sulat sa mga taga Roma, sa katotohanan, ito ay tungkol sa Iglesia sa kabuuan at nagpapaliwanag ng napakahalagang doktrina ng pagpapawalang sala—na kanyang diniklara na ang di matuwid ay ginawang totoong matuwid dahil sa ginawa ni Jesu-Cristo.

Ang kumplikadong aklat na ito ay nahahati sa apat na bahagi: kabanatang 1-4 ay tumatalakay sa makataong pamilya bilang makasalanan; kabanatang 5-8 ay nagpapaliwanag kung paano ang mga "itinuring na matuwid" ay dapat mamuhay at ang pakikibaka na gawin ito; kabanatang 9-11 ay tumatalakay sa Israel, ang hinaharap nito, at ang mundo; at kabanatang 12-16 ay talakayan kung paano magagamit ang mga katotohanan ng mga doktrinang ito na magagamit sa praktikal na aspeto.

Sa unang apat na kabanata, ipinaliwanag ni Pablo ang pagpapawalang sala at paano ang lahat ay nabahidan ng kasalanan. Nagpatuloy siya na ipakita kung paano siniguro ng Diyos ang paniningil laban sa atin, ang Kanyang tugon sa dilemang ito "isinuko tayo" na malayang pumili ng di makatuwirang gawain, at ang mapanirang resulta ng pagpiling ito. Sa kabila ng masamang balita na ito na tayo ay hiwalay sa matuwid na Diyos dahil sa kasalanan, ang ating desisyon na magpatuloy dito, at ang Kanyang banal na poot sa atin ay mayroong pag-asa. Ang krus ni Jesu-Cristo ay kaya tayong gawing matuwid.

1. Tama o Mali? Ang liham sa mga taga Romano ay ang unang liham na sinulat ni Pablo.

2. Tama o Mali? Ang liham sa mga taga Romano ay tumutukoy sa napaka-tiyak na isyu na mahalaga lamang para sa iglesia sa Roma.

3. Tama o Mali? Isa sa mga mahahalagang tema ng aklat ng Mga Taga Roma ay “pinawalang sala”—binilang na matuwid sa harapan ng Diyos, mistulang hindi tayo nagkasala.

4. Tama o Mali? Ang aklat ng Mga Taga Roma ay nagbibigay ng pinaka-kumpletong kapahayagan ng ating kaligtasan mula sa Biblia.

5. Tama o Mali? Sa Mga Taga Roma, pumupunta si Pablo sa isang tema patungo sa isa na hindi nagbibigay ng malinaw na argumento.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

6. Itugma ang bawat bahagi ng aklat ng Mga Taga Roma sa mga grupo ng mga tao na tinutukoy nito:

a. Kabanatang 1-4	**(__)**	1. Israel
b. Kabanatang 5-8	**(__)**	2. Mga makasalanan
c. Kabanatang 9-11	**(__)**	3. Bawat isa na ginagamit ang ebanghelyo sa sarili
d. Kabanatang 12-16	**(__)**	4. Sa mga pinawalang sala

7. Ano ang ginawa ng Diyos nang tinanggihan ng mga Hudyo ang inalok Niyang kaligtasan?
    a. Inalok Niya sa mga hindi Hudyo sa mundo.
    b. Isinumpa Niya na hindi na Siya makikitungo sa kanila.
    c. Pinuwersa Niyang maniwala sila.
    d. Nagdesisyon Siya na wala munang gagawin ngayon maliban sa maghintay hanggang sa sila ay maniwala.

8. Bakit laging pinipigil ng mga tao ang katotohanan?
    a. Kulang ang talino nila upang ito ay maintindihan.
    b. Nais nilang bigyang katwiran ang di-matuwid na pamumuhay.
    c. Hindi sila sumasang-ayon dito.
    d. Masyado silang marunong upang maniwala sa Diyos.

9. Ano ang ibig sabihin ng Diyos "pinabayaan na ang mga tao" sa kanilang kasalanan?
    a. Tumigil na siyang umasa upang sila ay maligtas.
    b. Ibinigay na sila kay Satanas upang parusahan.
    c. Ibinuga ang galit Niya sa kanila.
    d. Pinabayaan na silang piliin ang anumang gusto nila at hinayaang maranasan ang kahirapan na dulot nito.

10. Ano ang mangyayari sa mga patuloy na pinipili ang kasalanan? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Nagiging malaswa sila.
    b. Pinagpapalit nila ang katotohan ng Diyos sa kasinungalingan.
    c. Matatagpuan nila na wala ng pakialam ang Diyos kung sila ay magkasala.
    d. Nagiging mangmang sila.
    e. Natututong magtagumpay sa kasalanan ayon sa kanilang lakas.
    f. Napapagtanto nila na walang pagkakaiba ang Kristiyano sa di-Kristiyano.
    g. Nagkakaroon sila ng napakasamang kaisipan.
    h. Napupuno sila ng lahat ng uri ng pagsamba sa diyus-diyusan at di-katuwiran.

11. Sino at ano ang pinaka-pamantayan ng katuwiran?
    a. Paul
    b. Ang batas ng kalikasan
    c. Mga Hudyo
    d. Diyos

12. Ano ang poot ng Diyos?
    a. Ang Kanyang galit na di-mapigil
    b. Ang madilim na bahagi ng Kanyang pagka-diyos
    c. Ang Kanyang pagsalungat sa anumang makakasama sa Kanyang mga minamahal.
    d. Ang Kanyang paghatol laban sa taong hindi Niya gusto.

Ano ang sagot ng Diyos sa kasalanan? Bakit kailangan nating maunawaan na tayo ay makasalanan kung nais nating maranasan ang kaligtasan mula sa Diyos? Naipahayag mo na ba na ikaw ay makasalanan at hiningi sa Diyos na ipawalang sala ka? Kung totoo nga, ano ang nabago sa buhay mo? Kung hindi pa, nais mo ba itong gawin ngayon?

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang kaligtasan hindi para sa mga matutuwid kundi para sa mga makasalanan tulad natin. Hingin na patuloy ka niyang bigyang liwanag na wala nang epekto ang kasalanan sa iyo. Hingin din ang tulong Niya, sa simula ng ating pag-aaral sa Mga Taga Roma, na maunawaan ang malalim na katotohanan ng mabuting balita at pinawalang sala.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Paano maiiugnay at magagamit ang pagkahulog ng sangkatauhan, na natala sa mga unang kabanata ng aklat ng Mga Taga Roma, sa pagkahulog ng tao na natala sa unang mga kabanata sa Genesis?

2. Ano ang magandang pakahulugan sa poot ng Diyos ayon sa larawan nito sa mga unang kabanata sa Mga Taga Roma?

3. Ipahayag nang maliwanag at gamitin ang thesis, o argumento, ng aklat ng Mga Taga Roma na nagsisimula sa kabanatang 1, talatang 17 at nagtatapos sa kabanatang 11 talatang 36.

4. Habang sinusundan mo ang bakas ng argumento hanggang sa ika-apat na kabanata na nauugnay sa katuwiran at di-matuwid:
    a. Ano ang Diyos? _____
    b. Ano ang nais ng Diyos? _____
    c. Ano ang hinihingi ng Diyos? _____
    d. Ano ang kinokondena ng Diyos? _____
    e. Ano ang alam ng Diyos? _____
    f. Ano ang ginawa ng Diyos? _____
    g. Ano ang nais ng Diyos na gawin natin? _____

5. Ayon sa plano ng Diyos ng pagwawalang sala na ipinakita sa unang apat na kabanata ng listahan na ito:
    a. Sino ang may Akda ng planong ito? _____
    b. Ano ang mga sangkap ng pagkabuo ng planong ito? _____
    c. Ano ang prinsipyo ng planong ito na akma sa iyo at sa akin? _____
    d. Ano ang garantiya ng Diyos sa planong ito? _____

e. Ano ang katibayan na mayroon nga tayong prinsipyo na magagamit upang mangyari ang planong ito para sa iyo at sa akin?

_____

6. Ayon sa ikatlong kabanata, ano ang tiyak na sukatan ng kasalanan na masasabing tayo nga ay makasalanan?

7. Ayon sa argumentong ito, sa kabanatang 5 (talatang 12-17), sino ang apat na hari na pumasok, sagana, at naghahari samantalang ang mga mananampalataya na itinuring na matuwid ay nagsisikap na mamuhay na matuwid?

Ang Apat na Mananakop
At ang Apat na Kautusan

Kabanata 11
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 41

Layunin: Upang maunawaan kung paano ang apat na kautusan ng espiritu ng buhay kay Cristo ay makakatulong upang magwagi sa kasalanan at kamatayan.

Sapagkat napawalang-sala na tayo sa pamamagitan ng ating pananampalataya, mayroon na tayong mapayapang relasyon sa Diyos sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesu-Cristo. Sa pamamagitan ng pagsampalataya kay Jesu-Cristo, tinamasa natin ang kagandahang-loob ng Diyos, at tayo'y nagagalak dahil sa pag-asang tayo'y makakabahagi sa kanyang kaluwalhatian.

—Mga Taga Roma 5:1-2

Ang mga namumuhay ayon sa hilig ng laman ay walang pinapahalagahan kundi ang mga bagay na ukol sa laman; ngunit ang mga namumuhay ayon sa Espiritu ay nagpapahalaga sa mga bagay na espirituwal. Ang pagsunod sa hilig ng laman ay naghahatid sa kamatayan, ngunit ang pagsunod sa Espiritu ay nagdudulot ng buhay at kapayapaan.

—Mga Taga Roma 8:5-6

Pagkatapos maitatag ang doktrina ng pinawalang sala sa unang apat na kabanata ng Mga Taga Roma, pagdidiin sa pagiging matuwid ni Abaraham sa simpleng paniniwala sa Diyos, si Pablo ay nagpatuloy sa pagpapaliwanag sa kabanatang 5-8 kung ano ang ibig sabihin ng tagumpay at mabuhay ng matuwid. Ang susi sa pagiging matibay kay Cristo sa makasalanang mundo ay mamuhay sa biyaya ng Diyos.

Ipinakilala ni Pablo ang apat na hari: kasalanan, kamatayan, Jesus, at ikaw. Ang kasalanan ay pumasok sa buhay natin at naghari, nagdulot ng kamatayan. Ngunit natalo ni Haring Jesus ang kasalanan at kamatayan, at kapag mayroon tayong pananampalataya sa Kanya, maaari tayong maghari kasama Niya laban sa kasalanan at kamatayan. Ipinakilala din ni Pablo ang apat na batas: ang batas ng Diyos, ang batas ng kasalanan at kamatayan, ang batas ng espiritu ng buhay kay Cristo, ang batas ng pananaw (mindset). Sa batas ng Diyos ipinapakita ang batas ng kasalanan at kamatayan; ngunit ang batas ng espiritu ng buhay kay Cristo ay tinatalo ang kasalanan at kamatayan; at mararanasan natin ito kung gagawin natin ang batas ng pananaw at ilagay ang ating isip sa Espiritu kaysa sa laman.

1. Tama o Mali? Ang unang apat na kabanata ng Mga Taga Roma ay nagsisimula sa masamang balita ng kundisyon ng ating espirituwal na buhay.

2. Tama o Mali? Ang Diyos ay matuwid at kailangang matuwid tayo upang makaugnay sa Kanya.

3. Tama o Mali? Sa ating sarili ay hindi tayo puwedeng maging lubos na matuwid upang mailigtas natin ang ating sarili.

4. Tama o Mali? Nais ng Diyos ay maniwala tayo na ang katuwiran ni Jesus ay sapat na upang tayo ay maligtas.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Ano ang halaga ng pinawalang sala sa atin kung hindi tayo naniniwala dito?
    a. Ililigtas pa rin tayo, maniwala tayo o hindi.
    b. Makikinabang tayo sa langit ngunit hindi dito sa lupa.
    c. Mapipilitan tayong piliin ang ibang plano ng Diyos sa kaligtasan, ito ay ang maging matuwid ayon sa ating sariling katuwiran.
    d. Hindi tayo makikinabang dito kung hindi natin paniniwalaan ito.

6. Sa unang apat na kabanata ng Mga Taga Roma, sino ang inilalarawan na naging matuwid dahil sa pananampalataya?
    a. Moses
    b. Abraham
    c. David
    d. Siya mismo

7. Ano ang kailangan natin upang maging matatag sa mundo?
    a. Biyaya
    b. Determinasyon
    c. Sariling kalooban
    d. Mabuting kapalaran

8. Ano ang dalawang naghari na dumating sa mundo at nasakop tayo?
    a. David at Solomon
    b. Pulitiko at relihiyon
    c. Kasalanan at kamatayan
    d. Karma at pagkakataon

9. Ano ang dalawang hari na magpapalaya sa atin?
    a. Optimismo at kumpiyansa
    b. Pag-asa at pag-ibig
    c. Pagpapahintulot at kooperasyon
    d. Si Jesus at tayo

10. Ano ang ipinapakita ng batas ng Diyos?
    a. Ang batas ng kasalanan at kamatayan
    b. Buhay at kalayaan
    c. Ang kabutihan ng sangkatauhan
    d. Ang gantimpala ng pagsunod

11. Ano ang magpapalaya sa atin mula sa batas ng kasalanan at kamatayan?
    a. Mga mababuting gawa
    b. Ang batas ng espiritu ng buhay kay Cristo
    c. Pagbubulay-bulay
    d. Ang prinsipyo ng karma

12. Paano natin magagamit ang batas ng espiritu ng buhay kay Cristo upang matalo ang batas ng kasalanan at kamatayan?
    a. Sa pagtutuon ng ating isip sa laman
    b. Sa pagtutuon ng ating isip sa Espiritu
    c. Sa pagtanggi na mayroong kasalanan at kamatayan
    d. Sa pakikibaka laban sa kasalanan at kamatayan

Napapansin mo ba ang iyong isip ay nakatuon sa laman o Espiritu? Paano naaapektuhan ng iyong pananaw ang iyong abilidad na maranasan ang kalayaan ng buhay na galing kay Cristo? Sa paanong paraan mo nais sumaya nang lubos ang buhay mo kay Cristo? Ayon sa Salita ng Diyos paano mo magagawa ito?

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos sapagkat natalo na Niya ang batas sa kasalanan at kamatayan at binigyan tayo ng espiritu ng buhay kay Cristo. Hingin na tulungan kang maranasan mo ang buhay na nasa Espiritu ng lubos at malalim araw-araw. Habang itinutuon mo ang iyong isip sa Espiritu, manalangin na gawin ka Niyang higit pa sa manlulupig laban sa lahat ng bagay na hahadlang sa iyong paglakad kasama Siya.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Ano ang apat na batas sa espirituwal na matatagpuan sa kalagitnaan ng kabanatang pito hanggang sa kalagitnaan ng kabanatang walo sa liham ni Pablo sa mga taga Roma?

2. Sa paanong paraan ang batas ng Diyos (ang Salita ng Diyos) ay nagsisilbing salamin at pinapakita ang batas tulad ng batas ng kasalanan at kamatayan? *(Isaalang-alang ang Santiago 1:22-25)*

3. Paano naging kahanay ang apat na batas na ito sa apat na manlulupig sa kabanatang lima?

4. Paano mo maikukumpara ang batas sa kasalanan at kamatayan sa gravity, at ang batas ng Espiritu ng buhay kay Cristo sa aerodynamics?

5. Sa liwanag ng katotohanang ang mga batas na ito narito na mula nang isulat ni Pablo ang liham sa Mga Taga Roma, bakit marami sa mga mananampalataya ay kontrolado pa rin ng kasalanan at kamatayan?

6. Ipaliwanag na ang batas sa pananaw ay maaaring magkaroon ng pagbabago sa batas ng kasalanan at kamatayan at batas ng Espiritu ng buhay kay Cristo.

7. Ilarawan kung paano mo maipapatupad ang apat na espirituwal na batas na ito sa iyong paglalakbay sa pananampalataya kay Cristo ngayon.

Eh! Ano Ngayon?

Kabanata 12
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 42

Layunin: Upang siyasatin ang misteryo ng kalooban ng Diyos at matutunan paano hanapin ang kalooban ng Diyos sa ating buhay.

Lubhang napakasagana ng kayamanan ng Diyos! Di matarok ang kanyang karunungan at kaalaman! Sino ang makakapagpaliwanag ng kanyang mga kapasyahan? Sino ang makakaunawa ng kanyang mga pamamaraan? Gaya ng nasusulat, "Sino ang nakakaalam sa pag-iisip ng Panginoon? Sino ang maaaring maging tagapayo niya? Sino ang nakapagbigay ng anuman sa kanya na dapat niyang bayaran?" Sapagkat ang lahat ng bagay ay mula sa kanya, sa pamamagitan niya, at pag-aari niya. Sa kanya ang karangalan magpakailanman! Amen.

—Mga Taga Roma 11:33-36

Sa Mga Taga Roma, tinutukoy ni Pablo ang mga iilang malalalim na katotohanan at misteryo ng kalooban ng Diyos. Kanyang tinukoy ang Israel bilang halimbawa upang ipakita na ang Diyos ay may karapatang piliin ang sinumang nais Niya. Bagama't hindi natin maintindihan ang Kanyang mga dahilan, puwede nating pagkatiwalaan na Siya ay mas marunong kaysa sa atin. Maraming mga bagay sa Diyos na hindi natin maintindihan, ngunit maliwanag na sinasabi Niya ang nais niyang ipaalam at ipagawa sa atin.

Ang malaman ang kalooban ng Diyos ay pangkaraniwan alalahanin sa lahat ng mananampalataya na nais bigyang lugod ang Diyos. Madalas ang ating sariling kalooban ay siyang sagabal upang makarinig tayo mula sa Diyos patungkol sa atin. Kapag naisentro natin ang ating buhay sa Kanya bilang pinagmumulan ng lahat, pinangako natin ang ating sarili sa Kanya at inihanay ang ating sarili sa Kanya, isinuko ang ating kalooban at hinayaan Siyang baguhin tayo, at tumanggi na makiayon sa mundo, ipinapakita ng Diyos ang kanyang kalooban sa atin.

1. Tama o Mali? Ang plano ng Diyos sa katapusan ng kasaysayan ng sangkatauhan ay naka sentro sa Israel.

2. Tama o Mali? Hindi pinipili ng Diyos ang mga nagmamahal at naglilingkod sa Kanya. Naghihintay Siya kung sino ang lalapit sa Kanya.

3. Tama o Mali? Ang Diyos ay may walang hanggang kaalaman at karunungan, at hindi Niya kailangan ang payo natin.

4. Tama o Mali? Obligado ang Diyos na gawin ang sa tingin natin ay patas at tama.

5. Tama o Mali? May mga sikretong bagay tungkol sa Diyos na hindi natin mauunawaan, ngunit maliwanag na sinasabi Niya ang nais Niyang ipagawa sa atin.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

6. Ano ang mga bagay na nangyayari para sa ikabubuti ng mga nagmamahal sa Diyos at tinawag ayon sa kanyang layunin?
    a. Mabuting bagay
    b. Yun lamang mga bagay na pinili ng Diyos
    c. Ang mga bagay sa kaharian ng Diyos
    d. Lahat ng mga bagay

7. Sino at ano ang pinanggagalingan ng lahat ng bagay at ang layunin ng lahat ng bagay?
    a. Ang sangsinukob
    b. Ang pagkakaisa ng sangkatauhan
    c. Tayo

d. Diyos

8. Ano ang kailangan nating ialay bilang buhay na handog sa Diyos?
    a. Ang pinaka mabuti sa ating mga katawan
    b. Ang ating katawan, at buong sarili natin
    c. Ang ating kamalayan sa espirituwal
    d. Ang pinaka-mabuti nating intensyon

9. Ano ang uri ng relasyon mayroon ang Diyos sa atin?
    a. Personal
    b. Di-personal
    c. Hindi pirmihan
    d. Malayo

10. Paano natin malalaman at mararanasan ang ganap na kalooban ng Diyos para sa ating buhay? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Isentro natin ang ating buhay sa Diyos
    b. Maging tapat sa Diyos
    c. Magbago sa pamamagitan ng pagbabago ng ating isip
    d. Huwag umayon sa mundo

11. Bakit ang ating mga isip ay kailangang mabago?
    a. Dahil hindi tayo masyadong matalino
    b. Dahil ayaw ng Diyos na gamitin natin ang ating mga isip, ang ating mga puso lang
    c. Dahil ang isip ng Diyos ay mataas kaysa sa ating mga isip
    d. Upang maging tulad Niya na alam ang lahat

Hiningi mo na ba sa Diyos na ipakita ang Kanyang kalooban sa buhay mo? Kung nagawa mo na, paano ka Niya ginabayan? Kung hindi pa, alin sa mga hakbang ang kailangan mong gawin upang malaman mo ang kalooban Niya?

_____

_____

_____

Sapagkat batid kong lubos ang mga plano para sa inyo; mga planong hindi ninyo ikakasama kundi para sa inyong ikabubuti. Ito'y mga planong magdudulot sa inyo ng kinabukasang punong-puno ng pag-asa. Kung magaganap na ito, kayo'y tatawag, lalapit, at dadalangin sa akin, at diringgin ko naman kayo. Kapag hinanap ninyo ako, ako'y inyong matatagpuan; kung buong puso ninyo akong hahanapin.

—Jeremias 29:11-13

Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang ganap na kalooban sa iyong buhay. Hingin na ipakita ito sa iyo. Sabihin na pinapangako mong gagawin kung ano man ang nais Niyang ipagawa sa iyo at nais mo na mabago ang iyong kaisipan upang malaman ang Kanyang kaisipan. Hingin na gabayan ka sa Kanyang kalooban.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Ipaliwanag kung paano ang Diyos ay may kalooban sa maliliit o sa malalaking bagay sa ating buhay.

2. Ipaliwanag kung bakit ka naniniwala, noong sinabi ni Pablo, "ang Diyos ang pinagmumulan ng lahat ng bagay" sa 11:36, na ang ibig niyang sabihin lahat ng nangyayari sa mundo o lahat ng bagay na kanyang sinulat sa kanyang liham tungkol sa atin.

3. Ano ang kaugnayan ng dakilang talata sa wakas ng kabanatang 11, talatang 33-36, sa pangaral sa kabanatang 12?

4. Sa mga talatang 9-11, sa anong paraan ang Israel ay halimbawa ng eleksyon, at halimbawa din ng malayang kalooban?

5. Sa kabanatang 8, paano itinuro ni Pablo na ang Kalinga (Providence) ng Diyos ang pinaka maginhwang turo sa Salita ng Diyos?

6. Sa 8:28, ipaliwanag ang dalawang dapat gawin, at ano ang kahulugan ng mga ito, bago natin maangkin at magamit ang dakilang pangako ng talata.

7. Ipaliwanag at bigyang kahulugan ang propesiya (sa 11:24, 25) kung saan kapag nabuo na ang bilang ng mga Hentil na pumasok na, “lahat ng Israelita ay maliligtas na.”

Ginawa ang Katuwiran sa Roma

Kabanata 13
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 43

Layunin: Upang siyasatin ang misteryo ng kalooban ng Diyos at matutunan paano hanapin ang kalooban ng Diyos sa ating buhay.

"Kaya nga, mga kapatid, alang-alang sa masaganang habag ng Diyos sa atin, ako'y nakikiusap na ialay ninyo ang inyong sarili bilang isang handog na buháy, banal at kalugud-lugod sa Diyos. Ito ang karapat-dapat na pagsamba ninyo sa Diyos. Huwag kayong makiayon sa takbo ng mundong ito. Mag-iba kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pag-iisip upang maunawaan ninyo ang kalooban ng Diyos; kung ano ang mabuti, kalugud-lugod at ganap na kalooban niya."

—Mga Taga Roma 12:1-2

Dito sa huling bahagi ng Aklat ng Mga Taga Roma, kabanatang 12-16, pinagdiinan ni Pablo ang pag-sasapamuhay ng mga katotohanan na kanyang ibinahagi na may kaugnayan sa Diyos, sa iglesia, ibang mananampalataya, ang gobyerno, ang mundo, at ating sarili. Kanyang inilarawan na ang mga relasyon ng isang Kristiyano ay nababalutan ng pagmamahal, kababaang loob, mabuting pakikitungo, paglilingkod, pagpapatawad, at marami pang iba. Hinihikayat tayong magpasakop sa gobyerno bilang institusyon na pinagkaloob ng Diyos, ngunit dapat laging ang paglilingkod sa Diyos ay higit sa lahat. Habang nakikitungo tayo sa ibang tao na may sariling pakahulugan ng tama at mali sa bahagi nang Kasulatan na hindi maliwanag, tinuturuan tayo ni Pablo na gamitin ang ating konsiyensiya at gabay ng Banal na Espiritu habang maingat tayo sa pangangailangan ng iba. Sa bawat bagay, habang ipinamumuhay natin ang Salita ng Diyos, ang pag-ibig ang siyang batayan kung paano tayo makitungo sa iba.

Ipinamalas muli ni Pablo sa huling bahagi ng Mga Taga Roma na ang kanyang puso ay laging naghahanap ng mga pagkakataong paano ibahagi ang Dakilang Komisyon at ang pinakamimithi niya ay ikalat ang mabuting balita sa buong mundo. Kahit hindi pa nakarating sa Roma si Pablo, binati niya ang mga kaibigan niya na naroon at pinalakas ang kanilang mga loob ng kanyang mga salita.

1. Tama o Mali? Ang liham ni Pablo sa mga taga Roma ay nagpapaliwanag ng dakilang katotohanan sa teolohiya ngunit napaka-kaunti ng praktikal na gamit nito.

2. Tama o Mali? Ang praktikal na turo ng Mga Taga Roma ay kagamit-gamit sa relasyon sa Diyos ngunit walang gamit ito sa ating relasyon sa iba.

3. Tama o Mali? Nagbibigay ng espiritual na kaloob ang Diyos sa iilang tao ngunit hindi sa mga ibang tao.

4. Tama o Mali? Kapag nadiskubre natin ang ating mga kaloob, kailangang ituon natin ang paggamit nito para sa pakinabang ng iba at hayaan ang iba na magamit nila ang kanila para sa iba.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Ano ang kaugnayan ng espirituwal na kaloob ng isang tao sa iba?
    a. Ginagamit nating lahat ang ating mga kaloob sa pansarili lamang.
    b. Kailangan natin ang mga kaloob ng bawat isa at umasa mula sa mga iba.
    c. Nagbibigay ng kaloob ang Diyos ng sapalaran, samakatuwid walang kaugnayan ang bawat isa.
    d. Kailangan nating ikumpara ang ating mga kaloob sa iba upang malaman natin kung sino ang binigyan ng pabor ng Diyos.

6. Aling katangian ang nais ni Pablo na dapat magkaroon ang mga Kristiyano? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Pag-ibig
    b. Kumpetisyon
    c. Pagpapakumbaba
    d. Pagsisisi

e. Galit sa mundo
f. Pagkakaisa
g. Pagbibigay
h. Pagmamalaki
i. Aktibidad
j. Pananampalataya
k. Pagpapatawad

7. Paano natin haharapin ang mga bagay na hindi tiyak at hindi maliwanag na tama o mali?
    a. Sundin ang konsiyensiya
    b. Sumunod sa Banal na Espiritu habang tayo ay umuunlad sa ating mga paniniwala.
    c. Maging maingat sa ibang mananampalataya na mahina pa sa kanilang paniniwala.
    d. Hayaan ang pagmamahal natin sa iba ang mangibabaw sa ating mga pinipili.
    e. Lahat ng nasa itaas.

8. Ano ang pinaniniwalaan ni Pablo tungkol sa gobyerno? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Na ang gobyerno ay mabuti, itinalaga ng Diyos, at importante na sumunod dito
    b. Na dapat nating sundin muna ang Diyos kaysa sa lahat
    c. Na dapat sundin ang gobyerno anuman ang kailangan mula sa atin
    d. Na ang gobyerno ay masama, ito ay gamit ni Satanas

9. Saan ang sinabi ni Pablo na nais niyang pumunta pagkatapos sa Roma?
    a. Jerusalem
    b. Greece
    c. Spain
    d. Africa

10. Ano ang pinapakita ng plano ni Pablo tungkol sa kanya?
    a. Ang mundo at ang Dakilang Komisyon ang laging laman ng puso ni Pablo.
    b. Kinakailangan niyang maglakbay sa iba't-ibang lugar dahil lagi siyang sanhi ng gulo saan man siya magpunta.
    c. Mayroon siyang di-mapakaling espritu.
    d. Hindi niya mapagpasiyahan kung saan siya nais ng Diyos na maglingkod.

Alam mo ba kung ano ang mga espirituwal na kaloob mo? Kung alam mo, paano ka inakay ng Diyos para gamitin mo ang mga ito? Kung hindi pa, nais mo bang hingin ang tulong Niya upang matuklasan mo ang iyong mga kaloob at gamitin ang mga ito para tulungang palaguin ang Kanyang mga tao?

_____

_____

_____

Sa paanong paraan ka naka-depende sa espirituwal na kaloob ng iba? Sa paanong paraan ang mga espirituwal na kaloob at mga maka-diyos na ugali ng ibang mananampalataya ay nagpapalago sa ugnayan ng mga tao ng Diyos?

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos na binigyan ang bawat mananampalataya ng espirituwal na kaloob at sa paggamit Niya sa atin upang palakasin, hikayatin, at palaguin ang bawat isa. Hingin na tulungan kang matuklasan at gamitin ang mga kaloob na ibinigay sa iyo. At hingin din na punuin ang iyong iglesia at iyong mga relasyon ng pagmamahal, pagpapakumbaba, at sigasig na siyang hikayat ni Pablo sa atin na magkaroon.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Nang si Pablo ay nagbibigay ng mga kumpol na kautusan sa kabanatang 12, ano ang kanyang tinuturo tungkol sa hangganan ng ating responsibilidad, kapag tayo ay namumuhay na may kapayapaan sa bawat isa?

2. Sa kabanatng 13, ano ang ibig sabihin ni Pablo noong tinukoy niya ng tatlong beses na ang mga tagapag-patupad ng batas ay "mga ministro ng Diyos," sa kabila ng paggamit nila ng tabak sa iyo kapag nilabag mo ang batas?

3. Ano ang ibig sabihin ni Pablo sa parehong kabanata noong sinulat niya na ang mga tagapag-patupad ng batas ay nagpapahayag ng poot ng Diyos sa mga lumalabag sa batas, at maaari ba itong ihanay sa antas ng sandatahang militar bilang tagapag-patupad ng batas?

4. Ikumpara, ibigay ang pagkakaiba, iugnay at gamitin ang Panglabing-apat na Kabanata ng Mga Taga Roma sa 1 Corinto 8-10.

5. Sa dalawang Kasulatan na ito, ano ang pangunahing katotohanan na gagabay sa pagharap ng mananampalataya sa mga hindi tiyak na isyu, kung ipapamuhay ang daan ni Cristo sa konteksto ng katawan ng iglesia?

6. Sa kabanatang 15, paano inilarawan ni Pablo ang kanyang sigasig sa pangangaral ng Ebanghelyo sa pamamagitan ng pagsabi sa iglesia sa Roma kung bakit lubos niyang inaasam-asam na pumunta sa Roma?

7. Noong sinabi ni Pablo ang kabilugang nasakop niya sa pangangaral ng Ebanghelyo, kung ito ay gagamitin, gumuhit ng bilog kung saan ang iyong iglesia ay maaaring mag-laganap ng ebanghelyong dito.